Edgardo V. Purificacion <i>Barangay Captain</i> Barangay Kagawad Marvin John S. Samala <i>Peace and Order</i> Eduardo V. Ybanez <i>Cooperative</i> Marlon T. Noriel <i>Health</i> Ma. Lourdes Michelle G. Purificacion <i>Women And Family</i> Honorio G. Manuel Jr. <i>Appropriation</i> Joel G. De Guzman <i>Ways and means</i> Carmie B. Jardiolin <i>Education</i> Johnmonrie O. Boleche SK Chairman <i>Sports & Youth Development</i> Allan D. Ilang-ilang <i>Treasurer</i> Pablito M. Briones <i>Secretary</i>	<u>CERTIFICATION</u> This is to certify that this office received the letter of invitation regarding the Public Hearing that was held on January 9, 2020. Issued this of 14th January, 2020 at the office of the Barangay Chairman, Digman City of Bacor, Cavite. Approved by :  Edgardo V. Purificacion Punong Barangay Note: Not Valid without Barangay Seal
---	---

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

 BARANGAY TALABA II PEACE	Republic of the Philippines Province of Cavite City of Bacoor BARANGAY TALABA II <i>Office of the Barangay Chairman</i>	
HON. ABITO E. MAHILAC <i>Barangay Chairman</i> BARANGAY COUNCILORS: CARLOS M. BOMBALES <i>Committee on Livelihood Cooperative</i> RODOLFO T. BAÑAS JR. <i>Committee on Ways and Means /Infrastructure</i> IMELDA A. BADILLA <i>Committee on Violence Against Women & Children /Human Rights</i> BLESILDA D. ABARELES <i>Committee on Health & Nutrition</i> LUISITO A. LUNA <i>Committee on Appropriations / Ethics and Governance</i> JUANITO E. LLESIS <i>Committee on Peace & Order & Public Safety</i> EDWIN R. BARRANTES <i>Committee on Environment & Sanitation</i> SK JUAN M. PANTE JR. <i>Committee on Youth and Sports</i> JANETTE G. LEONOR <i>Barangay Secretary</i> AUGUSTO V. CABAUG <i>Barangay Treasurer</i>	CERTIFICATION To Whom It May Concern: This is to certify as the Barangay Chairman of Talaba II, City of Bacoor, Cavite, that a tarpaulin from DENR (Environmental Management Bureau) regarding Notice of the Public Hearing for propose 320 hectares reclamation and development project and propose 100 hectare diamond reclamation and development project that was held last January 9, 2020 was being posted before the said date. This certification is issued for any legal purpose/s it may served. This certificate is being issued this 15th day of January, 2020 at the office of the Punong Barangay of Barangay Talaba II, City of Bacoor, Cavite.	<i>Certified by:</i>  ABITO E. MAHILAC <i>Barangay Chairman</i>
Email Address : talabaliabito@gmail.com TEL.NO.: (046)502-3986 FB: barangaytalabaII		

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

	Republic of the Philippines Province of Cavite City of Bacor BARANGAY MALIKSI I	
CERTIFICATION		
TO WHOM IT MAY CONCERN:		
This is to certify that DENR have posted the invitation in Barangay Maliksi-1, City of Bacor, regarding the PUBLIC HEARING FOR THE PROPOSED 320 HECTARE BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT AND PROPOSED 100 HECTARE DIAMOND RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT held last January 9, 2020 at Bacor Government Center.		
Given this 15th day of January, 2020 at Barangay Maliksi-1, City of Bacor Cavite.		
LOUIE ROLAND F. UGALDE BARANGAY CHAIRMAN KAGAWAD ALBERTO F. UGALDE JR. <i>Chairman: Infrastructure Co-Chairman: Disaster and Calamity</i> PAQUITO R. NARIO <i>Chairman: Peace & Order</i> EDGARDO G. SAN MIGUEL <i>Chairman: Health and Sanitation Co-Chairman: Ways & Means</i> BENJAMIN DC FELIZARDO <i>Chairman: Disaster and Calamity</i> SHIRLEY P. VELASQUEZ <i>Chairman: Budget and Finance</i> RAMON R. SAN JOSE <i>Chairman: Ways & Means Co-Chairman: Peace and Order</i> ROSENDO F. JIMENEZ JR. <i>Chairman: Education & Ethics Co-Chairman: Health and Sanitation</i> JUSTINE P. UGALDE <i>Chairman: Sports and Development</i> MELISSA N. CRUZ <i>Barangay Secretary</i> MANOLITO MATEO <i>Barangay Treasurer</i>	Prepared by:  MELISSA N. CRUZ Barangay Secretary	Attested by:  HON. LOUIE ROLAND F. UGALDE Barangay Chairman

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF CAVITE
CITY OF BACOR
BARANGAY ALIMPA

OFFICE OF THE BARANGAY CAPTAIN

CERTIFICATION


To whom it may concern;

This is to certify as the Barangay Chairman of Alimpa, City of Bacor, Cavite, posting of tarpaulin from Department of Environmental and Natural Resources (DENR – Environmental Management Bureau) regarding Notice of Public Hearing for the propose 320 hectares reclamation and development project and propose 100 hectares diamond reclamation and development project that was held last January 2, 2020 was being posted before the said date.


This certification is being issued for any legal purpose/s it may serve.

Issued this 14th day of January, 2020 at the Office of the Barangay Chairman, Alimpa, City of Bacor, Cavite


Attested by:


MIGUELITO F. GIRON
Barangay Chairman

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

	REPUBLIC OF THE PHILIPPINES Province of Cavite City of Bacoor Barangay Maliksi III	
OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY CERTIFICATION		
NIETO S. TOLEDO Barangay Captain KAGAWAD JAIME F. BARTOLOME FRANCIS D. SANTIAGO ROLANDO B. IGNACIO JR. EMMANUEL S. GANDIA JOSELITO R. OCAMPO JHOANA M. REYES BENJAMIN MOJICA SONIRY P. REYES SK Chairman J ANDREI S. RAMIREZ Barangay Secretary VIOLETA M. TALAMPAS Barangay Treasurer ROLANDO P. PEREZ Administrator	To whom it may concern, This is to certify that DENR issued/gave NOTICE OF PUBLIC HEARING for the People of Barangay Maliksi III last January 02, 2020 This certificate is being issued upon the request of DENR mentioned for any legal Purpose it may serve. Given this 15th day of January, 2020 at Barangay Hall of Maliksi III City of Bacoor, Cavite. Respectfully Yours,  Nieto S. Toledo Punong Barangay	

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**



ANNEX F. TRANSCRIPTIONS OF THE RECORDING

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Reclamation public presentation transcript

Mayor Lani Mercado: Ang atin pong barangay officials ay nandito po upang makinig sa ating public dialogue sa umagang na ito, ganon din po ang ating mga barangay kagawads na narito, maraming salamat po sa inyong pagdalo.

Nandito rin po ang mga department heads ng lungsod ng Bacoor andito po si Engineer Mejia, ang ating office of the board official, nandito po ang ating head, si Vicky Lazaro, nandito po ang City Planning and Development offices, si Joseph Francisco, Budget officer si Elvie Guerrero at ang ating HR department, nandito din po ang iba pang mga department heads natin, sina Butch Mallari, Dra. Ivy Yrastorza, ang ating city health officer, Engineer OIC Jimmy Lumba, nandito rin po sina Atty. Marnel Munoz, ang ating OCR, BDMP head Gerry del Rosario, ang ating City livelihood officer head Lito Gawaran, nandito rin po si Dra. Gandia, ang atin pong city head... nandito rin po si Eleanor De Castro, ang ating PopCom head, sa lahat po ng mga iba't ibang mga asosasyon na nandito, nandito rin po si Allan Chua, ang ating DA ng lungsod ng Bacoor, ang ating SK Federation, nandito rin po, nandito rin po ang Beled family, ang LUWASI, mga NGOs, mga, PNP, BDSU, DDRMMO, ganon din po ang mga kinatawan ng mga sumusunod – AMH Philippines Incorporated, si Dr. Silvestre and Associates, ang Van Oord, ang Frabelle Fishing Corporation, ang Diamond Export Corporation, Robinsons Land Corporation, ang Aboitiz Infra Capital, nandito rin po ang mga kasamahan po natin sa EMB at PRA sa pangunguna po ni Mark John Pineda. Ayan po sila... Nandito din po ang ating City Legal Counsel Department head Atty. Bernard de Castro – sa ating lahat magandang magandang umaga po.

Isang asensado at progresibong umaga po sa ating lahat, welcome po sa public dialogue o public hearing po o anuman po ang gusto ninyong itawag ko sa okasyon na ito para iprisinta po ang magandang proyekto para sa lungsod ng Bacoor.

Noong January last year, naisagawa po natin ang isang public scoping tungkol po dito at ngayon nandito tayo para sa tinatawag natin na public dialogue or public hearing o anuman po ang terminong gustong gamitin para dito. Ito po ang pagkakataon para magtanong, magbigay ng inyong saloobin, magpahayag ng pagtutol o magpahayag ng pagsang-ayon... sa isang demokrasya ang kapakanan ng higit na nakararami ang nasusunod, ang lahat ng tinig po ay pinakikinggan.

Makahulugan sa akin para sa isang first official function, isa sa mga unang official functions ng inyong lingkod ang pagbubukas ng bagong taon, kundi ang maging pagbubukas ng isang bagong dekada na may kinalaman sa isang napakagandang proyekto para sa isang lungsod.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Malaki ang maidudulot na asenso, progreso ng proyektong ito para sa kapakinabangan ng lahat ng Bacooreño, hindi lamang sa kasalukuyang henerasyon kundi kasama na rin ang mga susunod na henerasyon.

Asenso at progreso ang pangarap ng bawat Bacooreño, ito rin po syempre ang pangarap ko at ng lahat ng mga inihalal nating opisyal ng ating pamahalaan at para sa karamihan ng Bacooreño, lalo na yung mga nasa marginalized sectors, damang-dama ang asensong progreso sa dami ng mga benepisyong nakukuha at napapakinabangan sa pamamagitan ng iba't ibang social services na ipinagkakaloob po natin, tulad ng mga medical-dental missions, libreng mga wheelchairs, libreng mga salamin, scholarships para sa mga kabataan, financial assistance ng mga may sakit, mga senior citizens, sa mga namatayan at biktima ng kalamidad at iba pa.

Ang mga maituturing na pinaka-dramatic na kuwento ng ating pag asenso at pag-unlad ay para sa mga informal settlers families na hindi lang po natin nahahandugan ng bagong bahay na matitirhan, kundi nabigyan din natin ng bagong kakayahan para maniwala na may masaganang kinabukasan na naghihintay para sa kanilang pamilya sa pamamagitan siyempre ng sipag, sikap, tiyaga, tiwala sa Diyos at pakikipagtulungan sa mga programa at proyekto na para sa kanila.

Pero sa kabila noong marami-rami na rin nating nagawa, kulang na kulang pa rin kung ihahambing sa dami at laki ng mga problemang kinakaharap natin sa ating lungsod, lalo na ang mga mahihirap ng ating lungsod at sa pangkahalathan. At tayo po ay hindi tumitigil sa pagsulong ng mga gawain, programa at proyektong inisyatibo at aktibidad na lalo pang maghahandog ng asenso sa ating lahat.

Sinusulong po ng Bacoor City Government ang isang 420-hectare reclamation project, ang Bacoor Reclamation and Development Project, at ang Diamond Development and Reclamation Project.

Ang dalawang reclamation projects na ito ay malaking component sa ating bisyon para sa lungsod ng Bacoor na nagbibigay ng sustinableng kaunlaran. Dito ay ating itatayo ang isang vibrant, dynamic and self-sustaining community na tatawagin po nating Bacoor Town and Science Park na may residential and trade industrial hub, commercial district, academics center, science park at marami pang iba.

Gusto ko pong ipahayag na ang pamahalaang lungsod ng Bacoor at ako mismo bilang Mayor, ay may malalim na sensitibidad at malawak ang pangunawa sa mga takot, pangamba at agam-agam ng ilan sa mga kalunsod natin partikular na po ang direktang maaapektuhan ng mga pagbabagong magaganap kaugnay sa usapin na ito.

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Gusto ko po i-address directly ang tatlong usapin, una po ay ang Bacoor Bay Rehabilitation, pangalawa ay ang kinatatakutang Displacement on Homes at ang pangatlo ay ang Displacement of Jobs.

Sa unang usapin, nakita po natin na hindi option ang Bacoor Rehabilitation, natuto po tayo sa mga naging karanasan ng national government sa kaso ng Manila Bay.

Pagkalipas ng mahigit anim na taon at matapos paggugulan ng P50 bilyon ang proyektong ito, ang ulat na natatanggap natin ay hindi pa rin nasosolusyunan ang polusyon ng Manila Bay.

Ang natutunan natin, reclamation ang pinakamagandang long-term solution lalo na sa may Cavitex area. At ang napakainam pa, sa halip na tayo ay magbubuhos ng malaking bahagi ng ating annual budget para sa rehabilitation, ang reclamation ay magbibigay sa ating lungsod ng triple or quadruple increase para sa ating annual budget na kailangang kailangan natin dahil padagdag ng padagdag ang ating mga mamamayan, padagdag ng padagdag ang mga social services na kailangan din po natin ibigay.

Sa isyu naman ng Displacement on Homes, inihahanda na natin ang mga resettlement sites dito din sa Bacoor para sa mga informal settlers families at mga mangingisda na maaapektuhan po nito.

Masasabi natin na ito ay isa sa mga iilang reclamation projects sa Pilipinas na may in-city relocation, isa sa mga relocations sites na gagawin ay ang Ciudad Kaunlaran sa may Molino II kung saan magtatayo din ng livelihood center.

Sang-ayon sa pinakahuling datos, uumpisahan na rin ang Ciudad Kaunlaran kung saan 4.7 hectares sa likod ng Kaunlaran Village sa Barangay Molino II na mula sa donasyon ng ating reclamation partners, ay magkakaroon ng 3,200 medium-rise housing units. Kabilang sa mga makikinabang po dito ay mga informal settlers families sa sampung barangay ng Bacoor... may gagawin ding Fisherman's Village sa Barangay Alima para sa mga apektadong mangingisda at para patuloy sila sa kanilang hanapbuhay. Magpapatayo din ng daungan sa lugar.

Sa kasalukuyan, isang tulay na po ang itinatayo dito upang paghandaan ang konstruksyon nito na naka-target na mag-groundbreaking ngayong taong ito. Alinsunod din po sa community-based initiative approach ng National Housing Authority kasama ang mga apektadong sektor sa pagpapalano ng reloksyon habang inihahanda ang isang abot-kayang financing package para sa mga ito.

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Reclamation ang nakikitang tugon para sa pangangailangan natin ng karagdagang lupain upang isulong ang pag-unlad ng ating lungsod. Matutugunan ang lumalaking populasyon at mapabuti ang kalagayan ng ating pong mga mamamayan.

Tototoong maraming relocation projects na pagkatapos ilikas ang pamilya ay basta pinababayaan na lamang sila... hindi po ito nangyari sa atin.

Narito po ang personal na kuwento at pagbabahagi ng ilan lamang sa mga relocatees na ngayon na halos walang pagsidlan ang pasasalamat dahil sila ay nailikas na at nakatira na sa kanilang mga bagong bahay.

Pakinggan po at panoorin natin ito.

(Audio-Visual Presentation)

Ayan po... so hindi po dapat tayong mangamba, sa halip dapat po tayong maexcite dahil ang magaganap na pagbabago ay tungo sa asenso at pag-unlad ng inyong pamilya at pamayanan. Sa lungsod ng Bacoor, ang ating informal settler families living in danger zones ay sumusuma sa 12,828... 3,084 ang nasa tabing-ilog ng Zapote-Las Piñas River at ang 9,744 ay nasa baybaying dagat ng sampung coastal barangays.

Ang ating pamahalaang lungsod, at ako bilang mayor ay magbibigay ng firm commitment na magkakaloob ng better housing para po sa kanila... naumpisahan na natin itong itayo ang Ciudad Malasakit, isang transitional housing project para sa mga tao sa Barangay Salinas Uno, magkakaroon po doon ng 240 units, two-story temporary shelters.

May 184 units na rin ang nalipatan doon kanina sa ipinakita nating video na Rancho Verde, na mga 2,288 units pa tayong lilipatan ngayong 2020. Karagdagan pa may 288 units po ang nalipatan na natin sa Ciudad Strike Phase 2 at ginagawa naman po ngayon sa Phase 1 Bacoor na may lilipatang 1,440 units.

Magpapagawa rin ng sampung buildings ngayong 2020 kung saan meron tayong karagdagang 600 units.

Mapunta naman po tayo sa isyu ng Displacement of Jobs... una sa lahat, marami sa mga maaapektuhan ng reklamasyon ay nagtatrabaho sa Bacoor din lang... sila ay ililikas sa Bacoor din naman, kaya hindi sila mawawala sa kung anong trabaho o hanapbuhay na mayroon sila ngayon.

Pangalawa, hindi totoong mamamatay ang industriya ng tahong at talaba ng Bacoor... ang Bacoor ay mayroong 750 hectares na offshore municipal waters, 330 hectares lamang nito ang sasakupin ng reklamasyon, may nakalaang 90 hectares pa para sa

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

mangrove plantation... samakatuwid, mayroon pang 330 hectares pa para sa ating tahong at talaba farmers at para sa kaalaman ng lahat matagumpay ang ating programa para sa pagbibigay ng livelihood skills training.

Ang mga gustong magkaroon ng mga sustinableng kabuhayan ay puwedeng-puwedeng makinabang sa programang ito. Bukod dito, sisigla ang negosyo at magkakaroon ng aabot sa 700,000 na mga bagong trabaho para sa mga taga-Bacoor at mga karatig-lugar.

Sisipa ang pag-unlad ng Bacoor at makikilala ito bilang isa sa mga bagong growth centers sa bansa alinsunod sa pangarap at direktiba ng Pangulong Rodrigo Duterte na tugunan ang pagsisikip ng Metro Manila at ikalat ang kaunlaran sa iba pang mga lugar sa buong kapuluan.

Magkakaroon ng sapat na kakayahan ang pamahalaang lungsod para mas mapaganda at mapalawak pa ang mga serbisyo natin sa mga residente lalo na sa mga mahihirap.

Marami pa po akong gustong sabihin, pero kapos na kapos po ang oras ko para sabihin ko po ang lahat, napakaraming magagandang pangyayari pa ang susunod sa lungsod ng Bacoor.

Ang hiling ko lang po sa ating kapwa Bacooreño, pagkatiwalaan niyo po kami, pagkatiwalaan ninyo po ako. Ang proyektong ito ay dumaan sa masidhing pagsasaliksik, research at pag-aaral, dinaanan po lahat ng mga departamento at ahensyang dapat pagdaanan at umabot na po tayo sa araw na ito.

Wala po kaming ninanais na hindi kayo aasenso... gusto namin kayong umunlad, gusto nating umunlad ang Bacoor at iyan ay galing sa kaibuturan ng aking puso.

Muli isang mapagpala at maasensong umaga po sa ating lahat, pagpalain po tayo ng Poong Maykapal. Salamat po.

Carl Louie Santiago: Thank you po Mayor... magpapakilala po muna ako, ako po si Carl Louie Santiago, ang kinatawan po ng EMB Certifying Office... at kasama ko po rito ang ating mga officers, at kasama rin po natin ang ilang members ng iba pang ahensya... so babanggitin ko lang po... yung mga ibang LGUs ng Bacoor, Traffic Management Council, Disasters Risk Reduction and Management Office, SENRO, Social Welfare and Development Office, Zoning and Land Development Department, Office of the City Engineer, Agriculture Office, Public Employment Office, City Planning and Development Council, Sangguniang Secretary Office... and then yung Office of the Sangguniang Panlungsod, and then we also invited representatives from the following – Department of Public Works and Highways Region 4A, Cavite Sub-District Engineering Office, Department of Education, Manila Yacht Club, Philippine Ports Authority, Philippine Navy,

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Partnership in Environmental Management for the Seas of East Asia or PEMSEA, then Phivolcs, Laguna Lake Development Authority, the United Architects of the Philippines, Climate Change Commission, Manila Bay Corrdinating Office, BFAR, NEDA, National Academy of Science and technology, National Museum, sa mga churches po, Sto. De Molino Parish Church, Our Lady Queen of Peace Parish, St. Michael the Archangel Parish... sa mga barangays at kanila pong mga residents and stakeholders, Barangay Alima, Barangay Camposanto, Barangay Digman, Barangay Kaingin, Barangay Maliksi II and III, Barangay Singuelasan, Barangay Tabing-Dagat, Barangay Talaba I and II, Barangay Zapote V... then other offices like the National Historical Commission of the Philippines, MMDA, Department of Tourism, Philippine Coast Guard, Biodiversity Management Bureau and then City Cooperatives of Bacoor... tapos yung Society for the Conservation of the Philippines Wetlands, Incorporated, Villar Sipag, Bulungan Seafood Market, Office of Senator Cynthia Villar, Save Our Sunset Manila Bay Philippines, Heritage Conservation Society... so ayun po...

Yung mga hindi ko po natawag, welcome po sa activity ngayon. So ibigay ko po muna yung floor kay Engineer Arina.

Arina: Maraming salamat Carl... kung mapapansin niyo parang nahirapan si Carl doon sa pag-identify ng mga participants, nakalimutang tanggalin yung ballpen sa tenga niya... anyway, so bago tayo magpatuloy, in behalf po ng aming ahensya, ang DENR Environment and Management Bureau, kami po ay nagagalak at nagpapasalamat dahil po pinaunlakan niyo po yung paanyaya namin para sa pagpupulong na ito. Ang output po nito ay mahalaga po sa aming decision-making para sa kanilang proyekto. Tapos po, bago rin ako magpatuloy, alam ko marami pong mga kuwestiyon o agam-agam na tumatakbo sa isip natin, maraming gustong mag-voice out ng kanilang mga saloobin... ang amin lang pong pakiusap, sana po maging mahinahon po tayo habang nagpi-present ang ating proponent at sa open forum, sana mapanatili natin ang katahimikan.

Itong activity na ito ay documented at kung nakikita niyo, mayroon pong dalawang camera dito, naka-video po tayo, naka-record din po tayo at tapos po yun pong hindi pa po nakakapirma sa attendance sheet, nakikiusap po kami, puwede po bang mag-attendance sheet po tayo para po sa documentation purposes po ng activity na ito.

At para po magpatuloy, para po mas mabigyan kayo ng kaalaman o ng background kung bakit ba natin ginagawa ang activity na ito, tinatawagan ko po ang hepe ng aming ahensiya, ng Environment and Management division, si Engineer Esperanza Sahud para po i-discusss kung ano ba ang purpose nito at kung ano ang Philippine Environmental Impact Statement System.

Engr. Esperanza Sajul: Magandang umaga po sa inyong lahat. So, nandito po tayo ngayon para i-held po yung ating tinatawag na public hearing. So, ang public hearing po

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

ay ito po ay parte ng proseso... proseso po ng Environmental Impact Assessment System, o ang batas na tinatawag po nating PD 1586. Iyan po ay nasasaad sa ating batas, ito din po... marami na po tayong na-issue environmental implementing rules and regulations na tinatawag po natin na Department Administrative Order No. 30.

So, ang EIA po...ito po ay isang tool, running tool po ito, kung saan yung perceived impact ng isang proyekto ay dapat pong ma-address. Ma-address po iyan sa pamamagitan po ng isang pag-aaral na tinatawag po natin na dokumento po ng environmental impact statement document... iyan po ay isa sa requirements po kung saan ia-assess po kung ano yung magiging benepisyo ng isang proyekto, whether it will outweigh the negative impacts noong proposed development project.

Ito po naman ay makikita po natin...itong flow chart po na ito, ito po yung flow chart kung paano po ito ine-evaluate ng departamento o ng EMB ang isang proyekto... nag-uumpisa po iyan sa pag-screen kung kailangan ba ng EIA o hindi. Ang EIA po ang tinatawag po nating Environmental Impact Assessment, kailangan ba niya o hindi? Ngayon, kanina po nasabi po ni Mayor yung scoping na tinatawag, kasi parte din po iyon ng stages ng EIA kung saan kinakailangang magkaroon po tayo ng scoping. Dito po hinihingi or inaalangin kung ano po yung concerns ng mga nasasakupan, concerns ng mga maapektuhan, at dapat lang isama po nila sa pag-aaral.

Ang susunod po sa scoping ay yung EIA starting and report operation. So, gagawin po yung pag-aaral... lahat po ng mga negatibong aspeto, negatibong impacts sa ating kapaligiran, sa tubig, sa hangin, sa karagatan, sa tao, yung socio-economic impact, marami pang modules ang EIA. So, iyan po... nasa pag-aaral po na dito po pinag-aaralan po ng proponent or ng consultant lahat po ng aspeto nitong... ng isang proyekto -- negative na aspeto ng isang proyekto.

So, makikita po natin nasusunod po iyan... ay nakapaloob po sa EIA study or report declaration. Ngayon, kapag nai-submit na po, ine-evaluate po iyan ng EMB... or yung tinatawag po nating procedural screening. So, initially, nandito pa lang po tayo sa portion na ito, EIA review and evaluation. So, iyan po yang stage na iyan kung saan nagkakaroon po ng public hearing... makikita po natin sa flow chart yung dito sa... yung may mga pula po yung doon po sa right side po ninyo, public hearing po iyan. So, yun po yung stage na sa ngayon ay ginaganap po natin.

So, after po ng public hearing, mayroon pa pong mga stages, mayroon pa pong mga prosesong gagawin – mga meetings, mga dapat na isumite ng proponent. Marami pa pong mga pag-aaral, lahat po ng mga aspeto, lahat po ng kailangan para po maisumite at ma-comply nang naaayon po sa ating batas at after po noon, at saka po magdedecide ang ating kagawaran in coordination with other concerned government agencies.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

So, ang next po niyan, makikita po natin ang susunod is whether iga-grant po ang environmental compliance certificate or ide-deny... dalawa po kasi iyang magiging resulta. After, assuming po, if ma-deny po iyan, makikita po natin sa chart po natin, babalik po ulit kung may dahilan kung bakit. Makikita kung may kinakailangang mag-change ng project plan or mag-change ng proyekto or baguhin ang proyekto... Yung isa naman po, in case naman po na maging maganda, maging positibo at naisumite lahat ng pangangailangan nang naaayon po sa ating batas, mabibigyan po natin ng environmental compliance certificate na kung saan dito po nakasaad ang mga conditions na dapat sundin bago po sila mag-secure ng another government permits from agencies – other government agencies or... kasi ang partner nito is a government project...so, bago po nila iimplement ang project.

So, after po noon, mayroon po tayong monitoring and evaluation... Hindi po natatapos sa pagbigay ng ECC, mayroon pa pong continuous compliance monitoring po na gagawin or io-audit po. So, iyon po yung ating overview ng ating proseso sa EIA. So, ang public hearing po ay upang i-design po ito to promote a dialogue or communication between and among the proponent, the DENR, and the public.

Yun po, mag-exchange po ng views, kung ano po yung mga hinaing natin, ipapakita kasi namin ang mga proponent kung ano yung kanilang mga nagawa based doon sa hinanda na scoping.

So, this is a formal process na initiated by the DENR... planned and conducted by the DENR. So ayun po... so ang objective and purpose is to verify the accuracy of the findings – how accurate are the findings in relation to the situation on ground and to confirm to all affected parties and stakeholders ay kinonsulta ba.... have they been consulted and are they part of the decision-making process.

So, iyon po ang objective natin... ang – usually, ang public hearing ay hineheld kapag malaki po yung impact ng proyekto. Ang isang reclamation po ay kasama po sa identified projects in which that is expected to cause a significant, mahalagang impact sa ating kapaligiran. Kapag ang maapektuhan niya ay more than one barangay, magkakaroon ng displacement, mayroong... yung magnitude of the project will be deeply affected. So, ito po ulit ay isang venue para ma-test po yung mga options or alternatives – maaaring may mga options na ipe-present po ang proponent in relation doon sa mga na-idetify nila... previously identified issues or conflicts... and this is also a forum for the proponent and the DENR na maunawaan yung community values or ways para accordingly ay matugunan po.

Next... so, ang ECC po is a result of the EIA document. So, kapag positibo po, ito po ay isang decision document na inii-issue ng DENR after na mapag-aralan nang masusi yung mga report na ginawa, yung mga studies na ginawa. So, dito po nakasaad ang

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

commitment... may mga commitment po ang ating proponent na nakasaad doon sa ECC, na kung saan ay kinakailangan nilang ma-comply sa ating environmental regulations at mga corporate meeting for best environmental practice.

So, note po ang ECC, hindi po permit iyan, ang ECC po, this is not a permit but a planning tool, although po mayroon siyang mga regulatory aspect. So, another one is the issuance of the ECC does not a guarantee project implementation, kasi basta mabigyan po ng ECC, hindi naman po iyon magagamit na ma-implement yung project, since mayroon pang mga other government permits or licenses na dapat ma-secure. So, hindi po ibig sabihin noon na go na yung project kapag may ECC. This is just an initial setup. So, wala na po at iyan po briefly ang EIA process at marami pong salamat sa inyo.

(applause)

Engr. Carlo Vic Arida: Maraming Salamat po, Ma'am Espie... ngayon, ulitin ko lang po yung sabi ng aming boss... So, yung public hearing na ito... ano ang purpose nito? It's an exchange dialogue between the stakeholders saka yung proponent., tapos ito ay idino-document namin para po sa decision-making namin. Ang public hearing po, dadagdagan ko lang po yung sinabi ni ma'am, ay in compliance din po sa DENR Administrative Order no. 2017-15, kung saan dahil sa policy na ito, mas pinaigting po ang participation ng public sa proseso ng ECC. Lilinawin ko po ulit ito, ang ECC po ay tool, at hindi po siya permit. It doesn't mean na kapag naisyuhan ng ECC yung proyekto, magtutuloy-tuloy na po ito sapagkat may binigyan ng ECC...

Sa kaso ng reclamation, ito ay nasa simula pa lang ng kanilang application process. After niyang ECC, mag-aapply pa po iyan ng ibang permit sa DENR, tapos mga requirements pa po sa Philippine Reclamation Authority. So, bago po ulit ako magpatuloy, ipakilala ko muna si Makati (inaudible) officer, si Atty. Amy Rodane, para bigyan lang po tayo ng parang overview ng kung ano yung magiging system na gagawin natin, para nasa order po tayo... maraming salamat po...

Atty. Aimee Rodaje: Magandang umaga po sa inyong lahat. Yung nasa likuran po? Sa ilang sandali ay magpe-present na po ang mga public proponent... pinapaalalahanan po ang lahat na makinig po sa kanilang presentasyon. Iwasan po natin ang lumabas o mag-ingay para po lubos nating maintindihan kung ano ang proyekto nila. At kung sakali po during the presentation, mayroon po kayong mga katanungan, i-reserve niyo po muna iyan. Huwag niyo po munang itanong. Kasi mamaya po sa open forum, bibigyan po namin kayong lahat ng chance na magsalita. Sana po panatilihin po natin ang katahimikan dito at kaayusan sa loob po ng public hearing na ito... maraming salamat.

Engr. Carlo Vic Arida: So now, to present the project description for the Bacoar Reclamation and Development project and the proposed Diamond Reclamation

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Development Project, So, may we call on the representative from the LGU City of Bacoor, together with its consultant for the project presentation... To present the project description po, may we call on the representative from the City of Bacoor together with its consultant... so please focus to the inner island part...

Bacoor LGU: Magandang umaga po... ang Bacoor po, bilang proponent ng application for ECC ay naghanda ng presentation po ng proyekto, yung descriptive at technical... kaya tatawagin po natin ang ating consultant, from Technotrix, Dr. Ed Alabastro for the presentation of the elements of the project... Ang Technotrix ay kilalang sa mga EIAS reports, o Environmental Impact Assessments System reports at sila po ay marami pong naging kapartner na mga kompanya o establishments or entities na naghahanda po ganitong environmental impact assessments... Doc Ed?

Dr. Edgardo Alabastro: Salamat po Atty... magandang umaga po uli, Mayor Lani Mercado Revilla... sa inyong lahat, salamat po sa inyong pagdalo, magandang kalikasan ay mapayapang umaga. Bago po namin simulan ang aming presentasyon, ipapakilala lang po namin ang mga nasa likod, yung mga taong dalubhasa na tumulong po sa amin. Ipakikilala po sila ni Ms. Hazel, Hazel Victoriano.

Hazel Victoriano: Sa part po ng Technotrix, nandito si Engineer John Kasilag ng AMH, former PIA deputy engineer Lito Garina, Jocelyn Jocson ng AMH, Diwa Talisayun, AMH, Ronaly Pangyarihan ng AMH, then si Dr. Joji Roquiya, sociology... si Benjie Francisco, Nadia Conde, Faye Nicolas, Lawrence Mojica, Hazel Victoriano, Lorie Bueza and Rachel Dinglasan and Warren Conde for Technotrix.

Dr. Edgardo Alabastro: Salamat Hazel. Para sa aming presentation, para po magkaroon ng mahabang oras sa pagtatanong at pagpapahayag ng damdamin, hindi po ako magtatagal, bibilisan ko po ang presentation ko, maliban lamang po doon sa mahalagang aspeto. Ito po ang proyekto, iyan nakasulat diyan... next slide... iyan po proyekto, nakasulat din po diyan, next slide... ang scope po ng aming report ay application for the construction phase, up to the formation of the land... hanggang sa mabuo lang po yung reclaimed island, hindi po kasali dito yung ang operations phase... kumbaga itatayo yung mga vertical buildings or so-called vertical development. Iyan po ang mga proponent at mga preparer. ... Next please... iyan po ang binanggit ni Mayor na... itong nakasulat dito, iyan po ang mga islands... ito po ang Bacoor side ng project, nakalagay po dito sa tarpaulin, proposed 320, ito po yun... ito naman po yung Diamond, nakasulat din po dito sa notice, proposed 100-hectare Diamond... Next please... ito po ang mga architectural perspective na maaaring maging resulta ng resulta ng reclamation, mga vision for reclamation development projects... Next po... ito po, ito po, sa master development plan na ito makikita natin ang mga mahahalagang malalapit na lugar, mahahalagang resources within the reclamation project, tulad po ng unahin ko, LPPCHEA, Las Piñas, Parañaque critical habitat and ecotourism area.

Nandiyan din po ang mga ducts, river... Bacoor, Bacoor River, Imus River, nandiyan din po ang Bacoor Diversion Road, nandiyan din po ang Fisherman's Village at marami pang iba. Ang mga component po ng mga proyektong ito ay... nakasulat din po dito, inilarawan lang namin, anim na isla – 420 hectares ng Bacoor Development at saka Diamond Development. Magkakaroon po ng urban spaces and mix-used development plan... ang mahalaga po ay mape-preserve at mapapalawak pa ang mga kanal at mga pagdadaluyan ng tubig, waterways, para magkaroon ng magandang agos ang tubig papuntang Manila Bay.

Magkakaroon po tayo ng proteksyon sa tinatawag na daluyong or storm surge, magkakaroon po tayo internal road networks at magkakaroon tayo ng access ways na mula sa reclamation island papunta sa kalupaan. Bakit po may ganoong proyekto? Para po ma-promote, mapa-unlad ang kabuhayan ng mga Bacooreño, lalo na ang mga impacted barangays at mapagtibay pa ang resettlement plan ni Mayor at ng siyudad. Magkakaroon po ng lupa ang gobyerno na walang bayad; magkakaroon nang malusog na employment at livelihood opportunity at unique to this project is the Science Park component.

Madi-decongest po hindi lamang ang Cavite, Bacoor, kundi ang Maynila dahil sa mga itatayo or iimprove na infrastructure at mga road networks. Next please... ito po ang mga lupang makukuha, dito po ilalaan ang mga lupa, parks, road, mixed-use, commercial, recreational...Ok, next... ito po ang reclamation process, Next slide please... at para mas magandang ipaliwanag ang reclamation process, Engineer Lito Berena, baka po puwedeng ipaliwanag in a video, short video kung ano ang reclamation. Si Engineer Lito Berena, dating deputy, assistant manager ng Philippine Reclamation Authority.

Engr. Lito Beriña: Magandang umaga po sa inyong lahat... magpapaliwanag lang po ako kung ano ang nangyayari during sa reclamation. Kapag nagre-reclaim na po, sinusundan ng dredging contractor yung lahat ng mga kondisyones na nasasaad sa ECC, yung nasa clearance. So kumpleto ng mga gamit, mga instrumento na kailangan para magawa 'yong dapat gawin.

Ipinapakita po rito 'yong tinatawag na containment structure, ito po yung seawall na tinatawag para yung tinambak mong buhangin ay huwag kainin uli ng dagat... karaniwan ito ay gumagamit ng mga malalaking bato, kung hindi naman mga concrete na pilote, sementong pilote... ngayon, sa pagre-reclaim, hindi maiiwasan na magkaroon tayo ng tinatawag na turbidity... yung kumakalat 'yong putik sa dagat, kaya ang ginagawa nila, meron silang mga paraan para ma-contain o maiiwasan 'yong pagkakalat ng buhangin at pagkakalat ng dumi sa dagat kasi maraming maapektuhan kapag iyan ay kumalat.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Dito pinapakita na ang unang ginawa sa reclamation yung bilang pinaka-seawall nila... yung bakod para yung reclamation ay ma-contain doon sa loob ng seawall na 'yan para huwag kumalat ang buhangin, huwag kumalat 'yung dumi at meron silang nilalagay na plastic, actually geotextile ang tawag diyan, para 'yong buhangin ay huwag lumusot doon sa mga bato. Next slide...

Ito naman po, ito yung mga puwedeng gawin doon sa ginawa noong tinatawag na containments, puwedeng ito ay parte ng isang recreational part na lalo na 'yong mga taong mahilig mamasyal sa tabing dagat ay yung seawall na ginawa ay puwedeng gawing ganito.

So ito lang po yung mga process na normally ginagamit sa pagre-reclaim. Ito rin po 'yung proseso at mga equipment na ginamit noong ni-reclaim 'yong bagong areas natin sa Pasay City, kung nasaan yung MOA sa Parañaque, kung nasaan yugn ASEANA, so itong mga process na ito ay dati na pong ginagamit.

Engr. Carlo Vic Arida: Salamat po Enginer Bereña... yung iba pong impacts sa kalupaan, lalo na po yung flooding... inaanyayahan ko si Engineer John Kasilag, dalubhasa sa oceanography, para magbigay ng kaunting paliwanag sa usapin ng baha. Engineer... si John Kasilag po...

Bacoor LGU: Ang AMH po ay isang engineering firm na siya pong ating naging kapartner sa pag-aaral tungkol po sa baha dito po sa ating bayan, at kung ano po yung mga measures na pu-puwede po nating i-apply, para po maiwasan po ang paglala at ma-resolve na po natin yung problema ng pagbaha, ito po ay isang firm na naka-base po sa University of the Philippines, UP Diliman... so ito po si Engineer John Kasilag.

John Kasilag: Magandang umaga po. Ako po si John Kasilag, ako po ay kinatawan ng AMH, isang malaking grupo po na nagsagawa ng pag-aaral para matugunan ang problema ng baha at matiyak na ang pag-construct po ng reclamation project na ito ay hindi po magpapalala ng problema ng lungsod ng Bacoor sa pagbaha. Next slide...

Bacoor LGU: Medyo po may technical delay... bilang additional background po sa ating proyekto, ang proyekto pong ito ay nag-umpisa sa isang unsolicited proposal... ang isa pong kompanya na tinatawag na Frabelle Fishing Corporation, ang atin pong kapartner sa proyektong ito, ay nagsumite po ng unsolicited, ibig sabihin, hindi po natin hiningi 'yong proposal, dumating po sa opisina ni Mayor Lani Mercado Revilla ang isang napakagandang proposal... para po ito po ay legally magawa natin dito sa Bacoor, sa ilalim po ng local government code, nagkaroon po tayo ng pagpapasa ng isang city ordinance, ang atin pong Sangguniang Panlungsod agad-agad ay nagpasa ng isang city ordinance na tinatawag natin public-private partnership code.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Nag-submit po sila ng proposal noong December 2016. January 2017 ay nakapagpasa po tayo ng isang city ordinance kung papaano po natin ipatutupad ang mga proyekto na may kapartner tayong private sector... Ang napakaganda po sa PPP, wala po tayong gagastusin na government fund sa pagtataguyod ng proyektong ito. Ito po ay in partnership with private partners, kung kaya sa ilalim po ng PPP code, nagkaroon po tayo ng tinatawag na selection committee na siya pong nagbasa, nag-aral... tayo po ay kumuha po ng private consultant kagaya po ni Engineer Lito Berena na nagpaliwanag sa inyo tungkol sa reclamation, dati rin po siyang taga-PRA, siya po 'yong expert na kinuha po natin para basahin 'yong project proposal, pag-aralan ito at kumuha din po tayo ng financial consultant para pag-aralan naman po yung yung financial proposal, yung binanggit po ni Mayor, magiging apat na doble ang ating pondo kapag natapos na po ang lahat ng proyektong ito.

Kaya ito po ay dumaan sa isang tinatawag na Swiss Challenge, 'yon po 'yong public bidding pagdating sa mga PPP projects... pinublish po ito, nag-imbata pa po tayo ng iba pa pong pupuwedeng mag-propose sa atin, at ito po ay dumaan po sa masusing pag-aaral at negosasyon hanggang sa bandang huli po ay nagkaroon po ng pirmahan ng joint venture agreement.

Kaya may joint venture agreement po tayo together with our private partners at sila po ngayon yung katulong natin na kumuha po ng mga experts upang pag-aralan 'yong best practice, kung paano po natin maitataguyod ang proyekto... kaya po kinuha natin ang UDP International, hindi matatawaran... isang urban planner na galing sa Hong Kong, iyan naman po, ang gumawa po ng master plan. Ang gumawa po ng traffic plan at engineering plan ay Ramboll International, isa pong firm na based sa Copenhagen lang naman po ang nagbigay po ng pag-aaral...kung ano po yung pinaka-magandang korte ng mga islands na ilalagay diyan... kaya nakita niyo may mga kanal... nirerespeto po ng urban planning na ito yung ating mga natural rivers, 'yong flow of water... mamaya ipapaliwang po sa inyo ng AMH din, isang UP-based firm na local, ang nag-aaral po ng takbo ng tubig sa dagat, sa ilog pati na rin po sa lupa, kung papaano po yung pinaka-magandang magiging pagtatayo ng mga lupang ito... Kaya hindi po siya basta-bastang proyekto, napakarami pong pinagdaanan ng proyektong ito, at patuloy pa rin po tayong dumadaan sa legal na proseso, isa pong legal na proseso ang public hearing na ito, dahil tayo po ay naga-apply ng environmental compliance certification. Hindi po tayo basta basta gumagawa ng proyekto na may environmental impact na hindi kumukuha ng ECC kagaya po ng ibang mga gumagawa ng proyekto, ginagawa 'yong proyeto walang ECC, mararamdaman niyo na lang kapag may epekto na sa inyong pamumuhay.

So tayo po ay gumagawa ng proyekto na dumadaan sa lahat ng proseso, pati na rin po 'yong requirements ng PRA, inihahanda na rin po natin... yun pong mga requirement sa area clearance, inihahanda na rin po natin, hindi po natin ito uumpisahan hanggang walang notice to proceed galing sa Philippine Reclamation Authority. Kaya yun po ang

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

ang pinagdadaan natin ngayon sa proyektong ito. Ready na po ba ang powerpoint ni Engineer Kasilag? Okay, sige po, paki-flash na po.

John Kasilag: So ang pag-aaral po ay ginawa ng AMH at ng Ramboll para po magkaroon nang masusing pagsisiyasat sa maaaring epekto ng tubig na galing sa kalupaan, at tubig na galing sa dagat... Next slide... hindi po nakakaila sa inyo na ang marami pong parte ng Bacoor ay talaga pong nakakaranas ng pagbaha. Ang mapa pong ito ay nanggaling sa Project Noah, ang katabi pong mapa rin ay nanggaling sa MGB po, ay nagpapakita na maraming parte ng lungsod ng Bacoor ay talaga pong nakakaranas ng pagbaha sa tuwing matindi ang pag-ulan.

Dalawa po ang pinanggagalingan ng pagbaha sa Bacoor -- ang una po ay dahil ang dalampasigan ng lungsod ay mas mababa kaysa sa natural na antas ng Bacoor Bay... mas mababa po ang lupa kaysa po doon sa Bacoor Bay. Ang pangalawang dahilan kung bakit po bumabaha ay dahil ang daluyan ng tubig sa ibang parte po ng lungsod ay may kakulangan po sa sukat at kailangan pong matugunan iyon upang ang tubig ay makalabas nang tama papunta sa Bacoor Bay.

Sa ngayon po, nagtutulungan na ang lungsod, ang JICA, ang DPWH at ang proponents po ng project na ito para makatiyak na ang problema ng pagbaha sa Bacoor mismo ay matugunan at ayon po sa pagsisiyasat, hindi po makakaapekto ang reclamation sa... hindi po siya makakaapekto sa problema ng pagbaha sa lungsod.

Makikita po natin dito na 'yun pong mga dark at saka violet colored... dark blue na kulay, ito po ang mga lugar na mas mataas ang pagkakataon na nagbabaha sa tuwing ulan nang malakas. Makikita po ninyo na maraming parte ng lungsod ay talaga po namang may risk na magkakaroon ng tubig baha kapag malakas ang ulan... Next slide.

So ang ginawa po ay... gustong tiyakin na ang tubig na dumadaloy galing sa kalupaan ay makakalabas ng maayos papunta sa Bacoor Bay. Makikita po ninyo dito na yun pong pagkaka-arrange ng reclamation ay magkakaroon ng maraming kanal na pagdadaluyan ng tubig. Ang sukat po ng kanal na ito ay at least 50 meters, singkuwenta metro po ang pinakamaliit, at ito po ay nasa maraming location at hindi babara sa natural na pinagdadaan ng tubig sa lungsod po... Next slide.

Mayroon pong tatlong rivers na malapit po sa reclamation... ang una po ay Talaba-Maliksi River, ang Bacoor River at ang Imus River. Sa tatlo pong ito, ang Bacoor River at ang Imus River ay dumadaloy palayo po sa reclamation... hindi po dinadala ng Bacoor at Imus ang tubig-baha papunta sa reclamation site. Wala pong haharangin na tubig galing sa kalupaan ang reclamation project. Ang nag-iisa po lamang na nagdadala ng tubig ay ang Talaba-Maliksi River na maliit po... maliit na area lang po ang kino-cover na hindi po significant ang dadalhing tubig papunta sa reclamation. Ganunpaman, nakita niyo po sa

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

slide kanina na maglalaan ng maraming kanal ang proyektong ito upang tiyakin na anumang tubig na manggagaling sa lupa ay dadaloy ng maayos papunta sa Bacoor River. Kapag isinama po natin doon po sa proyekto ng lungsod ngayon, na makikipagtulungan sa Public Works, sa JICA at sa proponent, matitiyak po natin na mapapadali po ang paglabas ng tubig galing sa lupa. Sige po... next slide.

Sa isa pa pong mapa na nagpapakita na ang maraming parte ng lungsod ay talaga pong prone po sa pagbaha sa tuwing malakas ang pag-ulan... Next slide. Sa pag-aaral din po ng Ramboll na naka-base sa Copenhagen, sa Europe, ginawa din po sa pag-aaral ang pag-evaluate ng maaring mangyari kung magkaroon po ng spill sa Bacoor Bay. Ang nakikita niyo po rito, yung kulay blue po ito ay maaring buhangin na kung kakalat, sinusukat po kung saan siya pupunta... at sa pag-aaral po na ginawa ng Ramboll at nireview po ng AMH, makikita na ito pong particles na ito ay palayo po sa LPPACHEA na na-identify ni Dr. Alabastro kanina na isang importanteng stakeholder natin. Next slide...

Siguro pagkatapos po ng maiksing parteng ito, hindi po magpapalala sa pagbaha ang pag-construct ng reclamation. Hindi po makakaapekto ang reclamation sa kinalalagyan ng LPPCHEA at tinitiyak po namin bilang consultant ng proponent na gagawin ng tama upang ang problema din ng lungsod sa pagbaha sa lupa, sa loob ng lungsod ay matutugunan din po. Maraming salamat po.

Engr. Lito Bereña: Salamat po Engineer John... in summary, yung binanggit po ni Engineer John Kasilag ay sa ngayon pa lang, mayroon na pong potential na pagbaha. Pero ang proyektong ito ay hindi magpapalala ng suliranin sa baha. Magkakaroon po ng free-flow of water sa mga channel at yung nag-aalala sa LPPCHEA, hindi po ito maapektuhan at ito po ay sa pamamagitan ng isang mathematical study sa takbo ng mga sediments galing sa reclamation... hindi po ito aabot sa LPPACHEA.

Itutuloy ko po yung ibang bahagi ng presentasyon...

(audio-visual presentation)

Sa pagpapatuloy po ng tinatalakay kong impact and mitigating measure... so natapos na po yung mahalagang diskusyon sa flooding at sa LPPCHEA. Sa marine at sa tubigan, napag-aralan po ng aming team, led by Mr. Benjamin Francisco, ang mga corals, mga marine species pati rin po ang mangrove, wala pong maaapektuhang significantly ng proyekto. Naipakita rin po namin sa aming pag-aaral na mayroon pong ordinansa na sumasakop sa aquaculture at sa mangrove. Ito po ay rerepasuhin at nirerepaso na para walang conflict ang reclamation project at ang ordinansa.

Ang mahalaga lang po sa atin... so nandoon po tayo sa land flooding, water, marine species, aquaculture, air... wala pong impact ito sa hangin at ang pinakamahalagang

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

component ng environment, people. Nabanggit na po ni Mayora ngayon at noong nakaraan ang resettlement plan ng siyudad.

Para mabigyan kayo ng mahabang pagkakataon sa pagtatanong, hindi ko na po siguro uulitin yung nabanggit na. Ang mahalagang aspeto po nito ay people-oriented po ang proyektong ito... Salamat sa inyo at nakahanda po kaming sumagot sa mga katanungan. Ito po uli si Atty.

Bacoor LGU: Iyan, maraming salamat po sa ating mga consultants... so irerecap ko lang po, dalawa po ang ating application for ECC, dalawa po yung proyekto, yun pong tinatawag na Bacoor Reclamation Development Project na 320 hectares, composed po ito ng mga islands sa loob po ng Cavite at sa labas ng Cavite na 220 hectares at ang isa po nating proposed projects ay 100 hectares Diamond Reclamation Development Project, katabi po ng BDP ay 100 hectares naman po... totaling to 420 hectares ng bagong lupa sa Bacoor... kasi po ang malaking kadahilanan dito, yung ating kasalukuyang 4,500 hectares na tinitirahan ng mahigit 600,000 na populasyon ng Bacoor ay napakasikip na.

Seventy-three percent po ng ating kalupaan ay dedicated sa residential, konti lang po yung agricultural, yan po ang nandoon sa ating taniman sa San Nicolas at yung mga fish ponds natin na inabandona na dito sa District 1... yun lang ang agricultural... the rest po ay pira-pirasong business at pira-pirasong maliliit na industriya, wala po tayong central business district, wala po tayong industrial zone, wala po tayong university hub or education hub.

Sa pamamagitan po ng reclamation project na ito nakita niyo naman, magkakaroon tayo ng Science and Education Park na kagaya ng sa Hong Kong, hindi niyo na kailangang pumunta sa Hong Kong, dito na lang kayo sa Bacoor makikita niyo na yan. Palakpakan naman mga kababayan.

(applause)

Iyan, napakaganda po, ma-excite kayo lalo na yung bagong pa lang magpapamilya, ang inyong mga kabataan hindi nyo na pag-aaralin sa malayo, diyan nyo na lang sa ating bagong lugar ng Bacoor pag-aaralin sila hanggang kolehiyo, magkakaroon tayo ng university diyan... malay niyo UP pa yun hindi ba?

At ang mahalaga din po dito, hindi na po tayo magdadagdag ng trapik sa Maynila, diyan na kayo mamamasyal, magpicnic, magmo-mall, magbabike, magdya-jogging at maglalanghap ng sariwang hangin... nakita niyo ba yung mga promenade... lahat ng gilid ng mga island, puwede nyong lakarin, puwede kayong magpicnic, puwede kayong mag-jogging at lumanghap ng sariwang hangin mula sa karagatan, kasi magiging totoong

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

karagatan na siya hindi ba, kasi nandoon na tayo sa malayo hindi na rito sa malapit... mawawala na po yung mga hindi magandang amoy kapag pumupunta kayo sa karagatan.

Ang ganda ng ngiti ng ating mga... nandito po ang ating sampung kapitan ng sampung coastal barangay, direct stakeholders ng proyektong ito, kasi talagang sila po ang makikinabang puwede po bang patayuin yung sampung kapitan po ng barangays at palakpakan naman po natin sila... kasi yung presensya po nila dito, sila po ay bahagi, participating, participative stakeholders sa pagpapakalat ng mga tamang impormasyon tungkol sa proyektong ito.

Ang proyektong ito po ay pagkakataon na po ng Bacoor, puwede ba naman na sila na lang palagi ang yumayaman doon sa ibang siyudad? sila na lang palagi ang umuunlad sa ibang siyudad, tayo ay nakikidalaw na lang at nakikisingit sa mga magaganda nilang mga mall?... Dito naman sa Bacoor... tama po ba mga Bacooreno?

Tayo naman ang umunlad, tayo naman ang yumaman, bawat isang Baccoreno dito sa ating bayan...so ito na po ang ating pagkakataon. Nakita niyo po kanina, yung huling slide natin, puwede bang ibalik yun, yung Fisherman's Village, hindi yata na-discuss... yung nakita niyo kanina, yung nasilip niyo lang, yun po yung tinatawag nating Fisherman's Wharf.

Kasama po natin ang Agro-fisheries Council, ang mga konseho po, our mandate is to make sure that there will be people's participation in local governance, kung kaya naman po mayroon na tayong limang seal of good governance dito sa Bacoor, kasi may good governance tayo, we have best practices. Mayroon po tayong tinatawag na people's council kung sino po ang involved, may konseho yun so mayroon po tayong anti-drugs council mayroon po tayong children's council mayroon po tayong housing board... sa bawat council at board na yan ay kasama po kayo, may NGO, may people's organization, may civil society organization representative... Kaya bahagi po ng lahat ng pagpapalano, including sa PPP regulatory board ay mayroon po kayong representative na people's organization and CSOs sa PPP board.

Naging bahagi po ang mga mamamayan sa pagpapalano sa mga proyektong ito, kaya kasama po natin ang PopCom, agro-fisheries council at sea-farm-sea, sa pagpapalano ng Fisherman's Wharf at Fishersman's Village. Hindi po malalayo ang mga mangingisda ng sampung coastal barangay sa dagat.

Sa aming pag-aaral sa CBMS ay mayroon pong mahigit 1,000 pamilya ang mga mangingisda sa coastal barangay... tapos yung the less of the people there, yun pong ating tinatawag na informal settlers, families, mga nine thousand families po ang informal settlers sa tabing-dagat sa sampung coastal barangays at karamihan po sa kanila ay mga service workers, laborers at saka OFW at saka nagtatrabaho sa mga malls, nagtatrabaho

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

sa mga call centers, hindi po mangingisda... kung kaya sila po... hindi rin naman po aalisin sa Bacoor, they will be resettled in city resettlements po, yung pinakita po ni Mayor Lani kanina. Pero hindi na po kailangang tumira sa tubig, dahil ang tubig ay hindi ginawa para tirahan ng tao... ang lupa ay ginawa para tirahan ng tao, kaya inililipat natin sila sa Molino, na doon ay hindi na kayo babahain, hindi na kayo matatakot sa storm surge, at hindi na rin kayo matatakot sa pagtaas ng tide or tidal occurrences.

So napakaganda po ng proyektong ito, sa buong bansa, ito lang ang reclamation project na may resettlement project, mayroon po tayong relocation and resettlement action plan na naging bahagi po ng reclamation project na ito... kung kaya't natutuwa po maging ang ating Presidente na marinig na may ganitong klaseng proyekto na napakaganda dahil kasali ang mga mamamayan sa pagpapalano ng proyektong ito.

Atin pong dine-dedicate ang reclamation na magiging central district, business district ng Bacoor dahil iyan nga po ang magpopondo sa lahat ng lumalaking serbisyo sa ating bayan, dahil dumadami ng dumadami ang mga Bacooreños.

So kailangan po kasi, sabay na pinaplano yan, pinaplano... parang sa pamilya, kapag lumalaki ang pamilya, dapat lumalaki din ang source of income... so ganon din po ang siyudad, kapag lumalaki ang pamilya ng Bacoor, lumalaki din po dapat ang pagkakakitaan... kaya po ang reclamation ay dedicated to become our business center. Pero hindi naman kayo mawawala dahil mayroon tayong Fisherman's Village at mayroon din kayong Fisherman's Wharf.

Yun pong ating mangroves, sa Alima po yung ating village, at yung mangroves po ay pagagandahin pa po natin, we have a 40-hectare mangroves development doon po sa Sineguelasan, so napakalaki po ng loan ng Sea-farm-Sea sa pagpapalano ng developments sa ating mangrove development sites, 40 hectares mangroves development area.

Magkakaroon po tayo diyan ng wharf, kagaya po sa San Francisco so magkakaroon tayo ng Fisherman's Wharf, maglalagay pa po ang reclamation partner natin ng buhangin para may beach kahit man lang paglubugan ng mga paa niyo, hindi ba?

So mayroon din po tayong daungan ng mga bangka, yung tinatawag po nating berthing area, at ito pong ating seawall. So yung sea wall na yun ang magpoprotekta sa mangrove at Fisherman's Wharf natin... siyempre, later on, magkakaroon din ng mga development sa seashores, like mga seashore na kaininan, mga seashore na palengke, parang Dampa, magkakaroon na rin po tayo diyan... Hindi po ba napakaganda?

So ang ating pong mga fisher folks ay ma-iimprove ang pamumuhay, level up na po kayo, yung ating mga fishermen-partners. So dahil kayo ay mga fishermen sa siyudad, hindi

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

kayo fishermen sa rural kaya level up kayo pagdating sa inyong industriya at teknolohiya... iyan po ang tinatawag na Agricultural and Fisheries Modernization Law... nasa batas din po yan, isa pong batas na tulungan ang gobyerno na i-modernize ang ating mga kapatid na mangingisda at magsasaka... so ayun po ang ating napakagandang proyekto.

Binabalik ko na po ngayon sa ating emcee, yung EMB, para po sa ating susunod na bahagi ng programa.

Dr. Edgardo Alabastro: Ito po ang binabanggit ko kanina, magandang ipakita sa slide, yung marine species, yung fishes... wala pong magiging significant impact po ito... ito po ang nilalaman ng aming report. Next please...

Iyan po... less water pollution... kung magkaroon man ng accidental spill, mayroon namang mitigating measure lalo na at nandito po ang... ito pong mga mitigating measure, strict compliance with international protocols – portable toilets and marine pollution procedures and requirements. Oil and grease, ganoon din po... mayroon pong compliance sa Manila Bay Oil Spill Contingency Plan. Yung dredge materials, ii-screen po ito sa pamamagitan ng screening technology which the proponent is prepared to adapt as experienced in other parts of the world, spill dispersal management and control. Iyan po, si Mr. Martin... yung conflict with navigation, none. No conflict with navigational lanes of the Philippine Ports Authority. No conflict.

Noise... not significant for these types of pollution during the construction phase.

Livelihood, napag-usapan na po ito kanina, hindi ko na po uulitin, maganda po at malalim na tinalakay ni Atty. Bern at ni Mayor Lani Mercado-Revilla. Iyan po ang researches, yung sa island relocation and resettlement plan, already in place and will be further enhanced with the reclamation project.

Iyan po ang current settlers, iyan po ang ating sosolbahin, nabanggit na po natin yung public message ni Mayor... perception survey, sa perception survey, ang benefit po nito ay livelihood, business opportunity, improvement of water services, improvement of government services. Iyan po ang resulta ng perception survey.

Sa negative naman... air, noise and water pollution, flooding, at yung iba ang sabi nila baka mawalan ng hanapbuhay ang ibang populasyon. Mayroon po kaming presentasyon na naging resulta ng pulong-pulong sa public scoping, napakahaba po nito... pero ang mga buod nito, ang summary nito ay ang mga agam-agam nila ay may kinalaman po sa baha, sa resettlement, sa LPPCHEA. Yun po ang buod or summary ng public scoping discussion. Iyan po yun. Iyan po, pinapakita lang po namin na amin pong ginawa ang report na ito at ito po ay nakapaloob sa EIS report. Salamat po.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Mr. Carl Louie Santiago: Now to facilitate our open forum, may I call on our leading officer, Atty. Aimee Rodaje.

Atty. Aimee Rodaje: Magandang hapon po... today I will be assisted po by my colleague, Atty. Ivy Joyce De Pedro po ng EMB. Yung nasa taas po, kung may mga katanungan po kayo, pupuwede po kayong bumaba para mas mabilis po namin kayong ma-accommodate or hangga't maari po, by section po tayo para po lahat kayo ay makapagtanong... may isa pong representative sa inyo na magsasalita, isa or dalawa... kasi po sa dami po ninyo, mahihirapan po kami na isa-isahin po... kung same lang po yung mga issues and concerns na inyo pong ire-raise.

Sandali lang sir... wala na po bang ibang microphone? Bago po magtanong, kailangan po munang magpakilala at the same time po sabihin po kung anong organization ang inyong nirerepresent at iwasan din po natin magsalita ng hindi kanais-nais ano po... kasi nandito po tayo ngayon para po pakinggan ang inyong mga saloobin, kung magtatanong po kayo... kayo po, sana makipagkaisa po ang lahat. Sige sir.

Q: Magandang hapon po sa lahat ng kabarangay ko, ako po si Mr. Anastasio Hanaban... bilang presidente ng Mandaragat ng Talaba Dos Public Fishing Association ay isang petitioner po dito, dahil kami ang kauna-unahang biktima na may hanapbuhay sa dagat, regarding sa nirevise ng batas ng 8550 na all mandatory... all fishermen (?) are disqualified to live from the shoreline.

Ang katanungan ko lang po sa EMB... sorry po, hindi ko nabati si Mayor Lani... Mayor Lani, magandang hapon at lahat ng konseho ng Bacoor... at lahat ng delegado, binabati ko po. Ang katanungan ko po sa EMB at saka proponent... kung ang proponent ba nag-submit na sa inyo kung how many years bago matapos ang reclamation ng Bacoor reclamation?

A: Ang tanong ko lang po, kung ano po yung pinatutungkulan natin sa sinabmit?

Q: Ang tinatanong ko lang po sir kung nag-submit ba ang proponent na bago sila mag-reclaim, dapat kumpleto sila ng papel na isa-submit sa inyo... before niyo aprubahan... ilang taon po matatapos ang reclamation at sino ang magbabayad sa amin ng damage compensation, sa lahat ng may hanapbuhay sa dagat?

A: Ganito po ano... nasa proseso pa lang po tayo ng pag-aaral, yung feasibility study, so hindi pa po natatapos yung ano natin, yung application sa ECC... tulad po ng nasabi kanina ng kasamahan po namin, ito po ay part pa po noong review process natin dito... ito pong output natin dito, yung ni-raise po ninyo, mako-consider po iyan sa EIA process po natin... so yung tanong niyo po kung paano po kayo mako-compensate, sasagutin po iyan ng LGU... sa ngayon po kasi, nasa feasibility pa lang po sila. Magkakaroon pa po

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

iyang DED at saka magkakaroon pa po ng maraming consultation iyan kasi gaya ng sinabi ko, nasa ECC pa lang po sila, wala pa po sila doon sa requirements, sa clearance at the requirement sa PRA.

Emcee: Sa proponent po, mayroon po ba kayong karagdagan?

A: Ok po... so yung proseso pong ito ng pag-aapply ng ECC, ang Step 1 po dito ay social preparation... kaya po kami ay bumaba sa inyong mga lugar para iinform po kayo na mayroon tayong ongoing project na pinag-aaralan, ninenegotiate... pangalawang stage po nito is the public scoping. Noong public scoping, ganito rin, dito rin po sa GA, nandoon kayo Mr. Anaban... na ito naman pong issue ninyo ay amin pong pinakinggan at ito po ay nailagay sa tinatawag na EIS report na isinabmit po ng ating preparers sa EMB. Kaya nga po, makikita niyo, mayroon na pong listahan ng mga potential impact challenge, impact issues at ano na yung mga mitigating measures. So mayroon na po tayong mga naka-lineup na mga kasagutan kung paano po maiiwasan ang mga problema.

Yung tanong niyo naman po tungkol doon sa damage compensation, maski naman po sa batas, you have to prove your damage before you can be compensated. So siyempre naman po, kung mapapatunayan mo na may nadamage sa iyo, you will be compensated. So pagdating naman po sa assistance, wala naman problema, may pabahay na, may assistance pa sa pag-a-upgrade ng inyong industriya sa pangingisda, inimprove pa natin yung Fisherman's Wharf, inimprove pa natin ang inyong pamumuhay. So kasama po sa programa iyan lahat, kasi kapartner pa po natin ang CAFC or City Agro-Fisheries Council. So alam niyo naman po yun, yung Sea-Farm-Sea at saka EFC natin sa Bacor, nirerepresenta po kayong mabuti ng inyong mga lider sa inyong mga asosasyon, pederasyon ng mga mangangisda at kasama po natin sila sa mga pagpapalano.

Dumalo po kayo sa lahat ng pagpapatawag sa mga pagpupulong or pa-meeting ng inyong pederasyon at ng inyo pong fisheries council upang palagi po kayong updated... hanggang sa implementation phase, makakasama po namin kayo kasi mayroon po tayong tinatawag na multi-party team na ike-create para po sa monitoring ng implementation ng proyektong ito... kung ano po yung ipapangako natin sa ECC na mitigating measures, ay babantayan po ng MMT, yung team na yun, na yun ay maipapatupad talaga yung mga mitigating measures na yun. Yun po ay composed ng mga private sector representatives.

So hindi po tayo nawawalan ng representative ng mga sectors... okay na po, nasagot na po ba ang lahat ng inyong katanungan?

Q: May isa pa pong katanungan directly to... sa local government, kay Mayor Lani... kailan po masisimulan ang Fisherman's Village? Dahil iyan po ay pinag-sessionan na sa Sangguniang Bayan, nakapag-attend po ako niyan last 2018, na naghost po yung mga

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

kagawad doon, sina Kagawad Gawaran, si Sir Aldy... magpahanggang ngayon, wala po kaming nakita na pagsisimula ng Fisherman's Village sa Sineguelasan... kaya yung mga tao po namin na iba-ibang barangay, na iba-ibang samahan na may hanapbuhay sa dagat, nagpa-panic sila... hindi rin namin maipaliwanag dahil hindi naman namin nakita ang proposal plan ng LGU kung gaano kalaki, row house ba iyan, o anong klaseng pabahay iyan... so gaano kalaki ang Fisherman's Village?

A: Actually kanina, mayroon na pong nai-flash kanina sa powerpoint, mayroon na po tayong development plan na naiguhit, mayroon na pong venue, mayroon na pong lupa, mayroon na pong land development plan subject to approval... iaaprubahan po ito ng Sanggunian. Mayroon na pong pagpupulong, marami na pong pagpupulong na nagaganap... hindi naman po ito biglaan. In the first place, bahagi po siya ng proyektong ito, nasa ECC stage pa lang po tayo Mr. Anaban, wala pa pong notice to proceed yung project... sabay-sabay pong ipapatupad, kasi po ang Fisherman's Village ay bahagi ito ng reclamation project... kaya kapag may notice to proceed na po yung project, saka lang po natin uumpisahan yung construction.

Q: Ang last ko pong katanungan Atty. Carrasco, yes, nakikita ko po iyan... ang ano lang nito, ang ano namin, hinaing na sana habang hindi... parehas tayo naniniguro... kami naniniguro na hindi kami dapat... as in muna kami sa paninirahan bago aprubahan ng DENR or ng EMB ang reclamation na iyan. Kasi ang hanapbuhay namin as in din kami diyan nabubuhay. Iyan lang po, Atty. Carrasco...

A: Naniniguro din po tayo kaya nagkaroon na po tayo ng community-based monitoring system... yung CBMS po, nag-generate na po ng data... may listahan na po kayo kung sino po ang ilalagay doon sa Fisherman's Village, nakalista na po... yun po yung mga registered fisher folks in Bacoar. Kaya sigurado na po yun.

Q: Magandang umaga po. Mayor, Happy New Year. Ako po si Dr. Caling, retired physician sa DENR. Ako po ay naging chief of clinic. Ngayon ang tanong ko, ilang buwan matatapos ang ECC, kasi kailangan iyan bago umpisahan ang reclaim... I support the project of the EMB. Ilang buwan, ilang taon? Kasi programa iyan ni President Duterte, kailangan ang mayor nandiyan nakaupo bago matapos iyan. Binibilang ni President Duterte ang kanyang mga programa. Ako po ay member ng Gardenia Multi-Purpose Cooperative... mayroon na po kaming programa, solusyon sa kahirapan sa mga farmers. Mayroon na kaming pondo, pero kailangan maging member lang kayo... kaya I salute the Mayor, itong programa niya para umasenso ang Bacoar, Kailan niyo ibibigay sa amin ang ECC? Sayang yung pondo, nandiyan, sobra-sobra ang credit line ni President Duterte, hindi lang ako ang nakakaalam... He has the vision to develop the Philippines.

Emcee: Sir, maraming salamat sir... para po sagutin ang inyong tanong, ibibigay ko po yung mic sa aming chief po ng EIA.

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

A: So sa inyo pong katanungan, sa batas po natin, ng EMB, mayroon po tayong tinatawag na number... specific number of days na requires sa batas. So ang required po sa batas ay 40 days... so sa ngayon po, assuming po na lahat po matapos yung mga requirements. Sa ngayon po, yung ginagawa po natin is proseso, nasa proseso po tayo... so pagkatapos nitong public hearing, mayroon tayong mga meetings na gagawin, iko-comply pa ng proponent, mayroon po tayong tinatawag na review committee... so ang review committee, sila po yung magdidiscuss... dapat po lahat ng mga aspeto ma-address, lahat po ng mga requirements maipasa bago po magbigay ng desisyon.

Q: Alam kong ganyan iyan, kasi ako ay doktor ng DENR for 55 years, yun po ang aming mga complain, na aming inihahain sa Secretary, bakit tumatagal ang mga ECC kung wala namang kailangan?

A: So yun po, basta po ma-submit lahat... kailangan po kasing sundin din po ng EMB yung nakasaad sa batas na number of days... so ayun po.

Q: Ma'am, maraming salamat po.

Emcee: Maraming salamat sir. Next?

Q: Magandang tanghali po sa inyong lahat, mga kagalang-galang na public officials ng city of Bacoor local government, sa mga representatives, proponent and the national government public officials... kaninang umaga po, sa ganap na ikawalo ng umaga, ang amin pong pahayag ng pagtutol sa more than 300 hectares reclamation in Bacoor Bay and Manila Bay province of Cavite ay aming ipina-receive po sa kagalang-galang na tanggapan ng mayor ng lunsod ng Cavite at sa tanggapan ng Sanguniang Panglunsod dahil ito ay napakahalaga na aming paalaala sa inyong lahat... ang pagtutol naming ito ay ikatlong ulit naming ginawa sa tanggapan ng Office of the Mayor at sa tanggapan ng Provincial Governor related sa proposed reclamation in Bacoor Bay and Manila Bay.

Number one, nakakaawa ang proponent investor at ang kasalukuyang incumbent public official, local government in the city of Bacoor. Kung ipu-push through ninyo ang proposed reclamation na ito without amended forest administrative order, ipakikita ko po sa inyo... ito rin po ang ebidensya na ginamit namin sa unang proposed reclamation sa panahon po ni Mayor Miranda. Para po sa kaalaman ng lahat ng mamamayan at public officials, national public official level and the proponent of the proposed reclamation, private investor... kapag ang forestry administrative order na ito ay hindi po ninyo inamyendahan... ito po siya... makikita niyo po sa ipinakita niyong illustration na tatambakan ninyo, ayan po ang Bacoor Bay and the portion of Manila Bay... ang katubigang iyan, dito po sa forest administrative order approved March 27, 1972, hindi pong deklaradong alienable and disposable sa land classification map ang Bacoor Bay ay

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Manila Bay. Kapag tinambakan niyo po ito, makakasuhan po ang public official ng graft and corruptions measures under the Constitution of the Republic of the Philippines Article 27. Yun po ang kahahantungan... kaya dapat bago po kayo nagpropose, ito muna sana ang inyong trinabaho na lagyan or gawan niyo ng amended ang forestry administrative order na ito. Maari naman po kayong mag-research sa National Mapping of the Philippines sa Fort Bonifacio... at yun sana ang unang ginawa ng Sangguniang Panglunsod ng City of Bacoor. Without this amended, you cannot legalize to own the reclamation land you are proposing to be a commercial land in your city jurisdiction in Bacoor City. At iyan din ang magiging ebidensya ng kaso laban sa inyong lahat...

Kaya sana po, bilang paalala at paggalang namin sa inyo, sa nakita ko pong mga inyong pinahayag na magagandang proyekto sa City at pangarap na pagpapaunlad, huwag po sana nating salungatin ang batas ng demokrasyang gobyerno ng ating Republika. Kayo pong lahat, appointed and mandated by the people of the Philippines and democratic government is the governor of the people to govern the people of our country. Second...

Emcee: Sir, sandali lang po... bago po sagutin ng proponent yung tanong, magpakilala po muna kayo sir, at kung anong sector?

Q: Dati po akong pangulo ng mangingisda ng province of Cavite at naging tao din po ako ni Governor Bong Revilla bilang officer-in-charge ng Bantay Dagat, Bantay Likas Yaman ng ating katubigan sa lalawigan. It was 1996 and 1997... kaya halos lahat po ng tinatawag na conservation at environmental protection, ito po yung naging batas noong panahon ni Governor Revilla na ipinatutupad po namin sa katubigan ng lalawigan ng Cavite. At ang ikalawa po

Emcee: Sir, sasagutin po muna iyan sir...

Q: Ang pangalawa... para lang...

Emcee: Opo... sasagutin po muna nila yung tanong niyo para po hindi po magkagulo sa puwesto...

Q: Hindi naman ito sa pagsagot ngayon... ang hinihingi po namin dito yung amended nitong forestry administrative order... kung wala naman silang maipapakita sa public hearing na ito na mayroon sila... ang Sanggunian ay mayroon amended sa forestry land classification map na ito, ay walang bearing para magkaroon pa ng tinatawag na discussion. Irerelay ko na lang po yung major na kulang dahil doon po sa ipinakita ninyo na mga illustration, hindi po namin nakita yung tinatawag na negative prejudicial impact... lahat po ng ipinakita ninyo ay puro positive and good, but wala pong bad impact. Kaya po, ito pong reclamation na gagawin ninyo, nasasaklawan po nito ang tinatawag na preparation right of the poorer of the poor of the fisher folk in the jurisdiction territorial ng

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

inyong city. Yun pong municipal fishing ground or city, yun po ay pinagkaloob ng national government sa mahihirap na mga mangingisda sa ating buong bansa. Iyan po ay nasa ilalim ng administrative order number three, pinirmahan po iyan ng Secretary ng DILG at pinirmahan din po iyang ng Secretary ng Department of Agriculture.

Dapat po, ang administrative order na ito ay gawan niyo muna ng revocation bago ang proposed reclamation dahil ang preparation right na iyan para sa mahihirap na mangingisda sa ating bansa ay dapat po ito ay magkaroon muna ng due process of law and equal protection of the law to the poorer poor of the Filipino people. Pangatlo... sa ipinaliwanag kanina ng nagpakilalang engineer na isang batang-bata na diumano, hindi magkakaroon ng flash flood sa city proper lowland area ng Bacoor City. Eh papaano na ngayon ang ibang neighbor town ng City of Bacoor? Hindi nga ipinaliwanag ang prejudicial impact na magaganap sa karatig ng Bacoor City, at hindi rin malinaw na naipaliwanag, ilan ang volume ng tubig-ulan na bumabagsak sa panahon ng tag-ulan na sinasalo ng district lowland ng Bacoor City... At hindi rin pinaliwanag noong nagsalita diumano na nag-aral ng prejudicial flash flood na hindi magkakaroon ng flash flood sa city proper ng Bacoor. Saan dadalhin nila ang thousand volume of water of the seawater, na gagawin nilang dry land ang ang water shape?... Sana po yung tatlong ipinaliwanag at ipinarating po sa inyo, ito ay magkaroon ng isang masusing pag-aaral... Ipinareceive ko na po ito sa inyong tanggapan, at sana ay hindi ito maging challenge to the wisdom and power of God. Maraming salamat po sa inyong lahat.

Emcee: Sir, sandali lang po... sir, excuse me, yung pangalan niyo po?

Q: Ako po si Cris Pakinggan, sa kasalukuyan, ako po ang pangulo ng Anti-graft and Corruption Movement Association in the province of Cavite and nationwide. Marami pong salamat.

Emcee: Maraming salamat sir. Sa proponent po, may sasagot po sa inyo regarding po sa flooding, sir, ma'am?

Lani: Puwede pong ilagay yung mapa kung saan ipinakita po yung Bacoor Channel... mayroon po kasing... si Mr. Pakinggan po ay taga Cavite City... Bgo po sinimulan ang proyektong ito, ang consultants po na galing pong Hong Kong at Copenhagen ay nagkaroon po ng pagsasaliksik kung ano po ang mga impacts, hindi lang po sa lunsod ng Bacoor, kundi sa mga karatig-bayan din... ito po ay nakasalalay sa approval ng EMB kung ito po ay aaprubahan or hindi... Kung pagsaliksik man ang tinatanong niyo, ay nagkaroon po ng pagsasaliksik. Ang JICA po ngayon at ang DPWH ay nagkaroon po ng pagsasaliksik ukol po sa baha ng lunsod ng Bacoor. Hindi po ito ang mapang ito, hindi po ito... yung marami pong nakalagay... yung slide na mayroong mga arrows, may mga different locations... mayroon po dito... hindi po ito, backslide pa po... hindi po ito...

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

I'm sure EMB knows what they are doing... yung sinasabi pong aamyendahan na isang administrative order, ito po malamang siguro ay nakasalalay na sa kamay ng Pangulo ng bansang Pilipinas dahil may mga inaprubahan na po siyang mga reclamation projects in the past... may mga relocation projects na pong inaprubahan ang dati pang mga Pangulo... at kung kinakailangan amyendahan ang AO or EO na sinasabi ni ginoong Cris Pakinggan na taga Cavite City, ay puwede pong... ayan po... saan po dito ang Bacoor... nakikita niyo po yung aquamarine na linya, ayan po...lahat ay... may pag-aaral na po ngayon ang JICA at DPWH na palaparin ang mga riverways ng lungsod ng Bacoor at saka ng Imus River, lalo na po ito ay galing po doon sa tinatawag na Imus Retarding Basin na ang makikinabang po ay Imus at ang Bacoor lalo na...

May makikita po kayong blue, ito po, yung aquamarine, iyan... iyan po ang tinatawag na Bacoor River Channel... iyan po ay malapad na malapad na malapad pong channel po iyan na siyang lalagusan ng tubig-baha kung saka-sakaling magkakaroon po ng mga flash floods... May pumping station po na gagawin dito po sa may Zapote station, on the right side... may pumping stations po na gagawin po diyan para po ang pagbilis ng paglabas ng tubig-baha ay gagawin din... DPWH at national project din po iyan... Makikita niyo po yung pula, dito po sa baba, ayan po, may pagsusuri na rin po ang JICA at ang DPWH na magkakaroon din po ng isang lagusan ng tubig sa ilalim din po ng Aguinaldo Highway na hindi po titibagin ang buong Aguinaldo Highway, may channel din pong gagawin, isang malaking-malaking daluyan ng tubig para lang po umabot doon sa aquamarine line na po na iyan ng Bacoor River channel para po ang lagusan ng tubig po ay mas mapabilis.

Iyan po ang mga mitigating measures sa pag-aaral po ng JICA, national, DPWH, flood control project at ng national government kung saan po ay nasagot ko ang katanungan ni ginoong Cris Pakinggan. Salamat po. Pinakakamusta rin po kayo ni Senator Bong Revilla, dahil dati po pala kayong nagtatrabaho sa kanyang tanggapan... Salamat po.

Emcee: Reminder po ulit, banggitin po agad yung tanong, huwag na po tayong pumunta po sa mga iba pong sasabihin niyo para po lahat po kayo dito ay ma-accommodate, kasi nagpapahaba po kasi ng oras ng mga statements na sinasabi niyo. Sige sir.

Q: Good morning everyone, ako po si Engineer Ramon de Leon, I represent Cavitex Holdings, Inc... ang Cavitex Holdings po ay ang company na nagdevelop ng Cavite Expressway noong matagal na panahon po... gusto ko lamang na ilagay sa record ang aming objection dahil ang Cavitex po ay nabigyan na ng ECC ng EMB at noong matagal na panahon pa po, panahon pa ni Ramos ay nagbigay na rin ng commitment para mareclaim ng Cavitex Holdings yung area kung saan idedevelop rin ng Bacoor. Ito ay para lamang mailagay sa record ang aking sinasabi, para naka-address sa DENR at para sa information din po ng lahat, mayroon na po kaming isinubmit na position paper sa EMB tungkol sa position ng Cavitex Holdings Inc. tungkol po dito sa reclamation na ito.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Emcee: Sasagutin po ng taga EIA ang katanungan po ninyo sir... Ma'am Espie?

A: Ang Cavitex po kasi ay nabigyan ng ECC 2011... 2011 po... so ngayon po kasi, ang ECC po natin, mayroong validity period na five years... So kapag within five years, hindi po natuloy ang proyekto, maari pong maging ground yun para ma-cancel yung ECC. Sa case po ng Cavitex, so hiningian po sila ng mga katunayan kung sila ba ay nakapag-umpisa na or hindi pa, so ito po ay vinalidate ng aming regional office, ito po ay dumaan sa pag-aaral, so mayroon pong... kaya po nagkaroon ng ganoong desisyon ang opisina namin na i-cancel po yung ECC... so ngayon po sinasabi nila na mayroon kayong ECC?

Q: Mayroon po kaming position paper na sinubmit sa DENR tungkol po sa position... within this week po...

A: So bago lang yung position paper nila... So kasi, wala pa po akong nakikita... So kung mayroon man po silang sinubmit, yun po ay dadaan din po sa legal process, titingnan po natin kung... Mayroon naman pong mga legal offices and DENR na puwede pong mag-handle noon para maging tama po yung magiging tugon or desisyon ng opisina. Yun po... Thank you po sir.

Q: Salamat. Isa na lang pong katanungan... maganda yung mga binanggit na development kanina... Kung sakali pong mayroong hindi magawa doon, puwede po pang singilin ng taong bayan yung mga proponent nito?

Emcee: In case daw po na hindi po... may hindi po nagawa doon po sa sinabi niyo po kanina, may sanction daw po ba on your part?

Atty. Carrasco: Kasama po iyan sa proseso ng ECC, kagaya nga po yung ECC ng Cavitex Holdings, ang sanction po sa inyo dahil hindi niyo ginawa yung mga sinabi niyo sa ECC, kinancel po kayo... after five years ay hindi niyo naumpisahan yung proyekto niyo... so kami rin, kapag hindi po namin ginawa yung kailangan naming gawin, tatanggalan po kami ng ECC, hindi po matutuloy yung reclamation. Now, pagdating naman po doon sa mga conditions, nabanggit ko po kanina, mayroon nga pong multi-sectoral na team na kailangang i-create under the EIS system na magmo-monitor po ng compliance sa mga conditions ng ECC. Mayroon din pong environmental management fund na itatatag na siya pong magsasagot sa mga kailangang bayaran na mga damage, na-damage at compensation dahil sa mga maling isinagawa ng proponent, mayroon din po iyan, kasama po sa batas yun.

So maari pong ipataw sa amin ang mga nakalagay sa batas kung hindi po kami susunod sa mga conditions.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Q: Salamat po, at tulad ng sinabi ko kanina, mayroon na kaming sinubmit na position paper. Thank you very much.

Q: Magandang tanghali po sa ating lahat. Ako po si Mark Julius Eusebio, isa po akong residente ng Barangay Tabing-Dagat... bale ako din po ay isang guro ngayon sa UP Los Banos, sociology po ang aking disiplina... so mayroon lang po akong mga specific na katanungan po, Mayor Lani... kung matutuloy po yung programa, ilan taon po ang gugugulin sa pagbuo po ng project ng reclamation?

A: Kasama po ang mga permitting, mga five years po sana... kasi ang iniisip po namin mga two years po, mabibigyan na tayo ng notice to proceed, sana... hindi po namin kontrolado kasi gobyerno po, ang national government po yun, PRA... pero yun pong actual na pagtatambak, reclamation, mga tatlong taon po yun.

Q: Salamat po. Patungkol po ito doon sa... kasi may pinapakita po tayong plano po... gaano po kalapit or kalayo yung block ng Bacoor reclamation doon sa existing landed area na po doon sa mga coastal barangay? Kasi mayroon pong mga existing barangay na may mga titulo din yung lupa...

A: Si Engineer, nasaan? May tanong po, teknikal... ay, ipapakita... okay... ayan... mayroon po kasing channel in between the coastal barangays and the inner islands... ang tawag po namin doon inner islands, dahil nasa loob siya ng Cavitet Road... so ang tinatanong po sa atin, gaano kalayo daw po yung inner islands mula sa coastal barangays... so about 50 meters... sa kasalukuyan, ang nakalagay po sa master plan ay 50 meters po ang channel, subject pa po ito sa mga approving agencies, sa DENR, sa PRA.

Q: Sige po... kung ganun po, iniisip ko lang kasi kung maapektuhan po kaming may mga bahay doon, iniisip ko lang po kung maapektuhan po ba kami eventually... ano po ba yung depenasyon ng informal settlers, kanina po sabi natin yung mga nakatayo sa dagat... so mayroon po ba tayong mas malawak na definition ng informal settlers?

A: Opo... stakeholders po lahat ang nakatira sa ten coastal barangays, kaya nga po naimbitahan po kayo ngayon dito sa public hearing na ito. Ang tinatawag po na stakeholders ay yun pong may mga direct effect sa kanila, direct impact, directly impacted sectors, iyan po ang stakeholders. Yung mga taga ibang bayan na gusto lamang pong makinig sa atin dahil may adbokasiya, ang tawag po sa kanila ay indirectly affected sectors.

Q: Okay po... patungkol naman doon sa social and economic impacts po, natuwa po ako sa presentation kanina kasi... lalo po sa akin, tinuturo talaga namin yung environmental impact assessment po... nakita ko po kung gaano ka-rigorous yung ginagawa ng DENR,

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

yung may framework, so natuwa po ako doon... kaso po, parang nabitin po ako doon sa social and economic aspects, kasi yung iba pong mga concerns, may mga grupo po tayo na nagsalita po... pagdating po doon sa social and economic aspects, mayroon po ba tayong kinuhang consultants or mayroon po ba tayong experts na katuwang doon sa pag-alam ng kanilang sitwasyon?

A: Yun po yung Technotrix services... hindi lamang po sila preparer, bahagi din po sila sa social preparation.

Q: Huli na po ito... kung sakali po ba, puwede po bang mabisita or makita yung datos tungkol po doon sa social impact, kung halimbawa pong mayroong interesado dito?

A: I believe that will also be published by the EMB, yung social development plan that will be created, kasama po siya... so bago po maibigay sa amin yung ECC, there will be a final social development plan that will also be published.

Q: Marami pong salamat.

Emcee: Sir, kayo na po.

Q: Magandang umaga po sa lahat. Ako po ang presidente ng Alamat Association at Federation ng Agimat of different... ako po si Patricio Pescano, ang akin lang po ay magkaroon lang ako ng kaliwanagan para masabi ko doon sa aming mga kasamahan... we are in support of the project of the government, lalo na po doon sa partikular na lugar doon sa seven hectares which was (tagged as a so-called title 1277) in the name of Pablo de Guia. Ito po, ang nabigay sa amin na lugar ang expressway. Ngayon, wala kaming tutol diyan, ang amin lang diyan...

Emcee: Sir, ano po yung expressway? Sir, yung project po natin ay reclamation... saan po ba banda yung expressway na sinasabi ninyo?

Q: Sa tapat po ng Viaduct 1... so Viaduct 1, nasa tapat namin yun...

Emcee: Sir, saan po ba yung bahay ninyo, yung address niyo po?

Q: Talaba Dos, Tabing-ilog, Bacoor.

Emcee: Malapit po ba kayo sa Cavitex?

Q: Yun po ang aking tatanungin ngayon... but before that, gusto ko lang muna ipahayag yung violation na ginawa ng mga nagsurvey diyan sa amin... yung mga (ODT number 1898,) pagkatapos yung (ODT number 1020,) at saka sa aming... nag-form kami ng...

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Emcee: Sir, mabibigyan niyo po ba kami ng copy nito, para po matingnan namin...

Q: Oo. Anyway, mayroong kopya niyan sa Supreme Court. Pero I will give you a copy... so ang tanong ko po, gaano po ba ang distansya, ilang metro magmula sa Cavitec papunta doon sa expressway?

Lani: Itay, ano po yung expressway na sinabi ninyo?

Emcee: Sir, ang project na ito ay reclamation po, hindi po expressway...

Q: Kasama ito kasi may irereclaim kayo diyan sa lugar na iyan...

Emcee: May gagawin po ba kayong expressway?

Lani: Baka ang sinasabi po ni tatay yung Bacoer Diversion Road, parallel po sa Cavitec, yun po ba yun tatay? Parallel po sa Cavitec? Yung sinasabi niyo po bang expressway ay yung Bacoer Diversion Road tatay?

Q: Yes... that is in front of the Viaduct one... yung tulay na ginawa diyan ng Cavitec...

Lani: Siguro po tay, magusap po personally, ipakita niyo po sa akin yung eksaktong area ninyo, para makita ko po yung concern po niyo... dito po tayo... may dala-dala po kasing mga papel si tatay.

Emcee: Kakausapin daw po kayo ni Mayor Lani para mas maipaliwanag niyo po ng maayos sa kanya... doon po, kay Mayor Lani po...

Q: Isang magandang tanghali po sa ating lahat... concern po ako sa... ako po pala si Lyn Valdez, ang kinapapalooban kong organisasyon ay Gabriela po. Ang tanong ko lang po... bakit po... hindi ba po ang ano natin dito ay reclamation, bakit po may narinig po ako kanina na bakit po ang mga 4Ps ay pinatawag daw po dito? Kaya po yung karaniwang 4Ps na narito kanina ay nagsiuwian po... kung makikita po ninyo sa taas, wala na po halos tao...kasi po ang narinig ko po kanina, 4Ps daw po yung pagpapatawag dito...

A: Siguro po ganito yun... ang definition po kasi sa department administrative order applicable sa event na ito, ipatawag lahat ng stakeholders. Lahat po ng nakatira – formal, informal – sa coastal barangay ay stakeholders. Kung kayo po ay 4Ps na nakatira sa Talaba Dos, sa Tabing Dagat, Sineguelasan, ay stakeholder kayo... kailangan niyo pong marinig ang proyektong ito... yun lang po yun.

Q: Ok, salamat po.

Emcee: Okay na ma'am? Ay, may tanong pa...

Q: Ito naman po ay pagpapahayag ng pagkakaisa laban sa reklamasyon sa baybay-dagat ng Cavite at ng buong Manila Bay. Kami ang mga mangingisda, maralita at iba pang mamamayan na nagkakaisa sa pagsusulong makamamamayang pagpapasigla ng pangisda, katubigan at mga baybayin... isang sentro...

Emcee: Sandali lang po ma'am... iyan po ba ay babasahin niyong lahat? Wala po ba kayong printout para maibigay na lang sa amin? Ilang paragraphs po kasi, baka abutin tayo ng ilang oras... ano na lang ma'am, isummarize mo na lang, yung pinaka-buod na lang po ng laman niyan, tapos po mag-submit po kayo sa amin ng printout...

Q: Okay... susunod na lang po yun... yung susunod na lang po muna.

Emcee: Ma'am, kayo na po.

Q: Magandang tanghali po sa inyong lahat. Ako po si (Elena) ng Alyansa ng Mandaragat at Pamalakayang Cavite. Ito po ay nireremind ko lang, ipaalala ko lang po na itong position letter namin ay nagsumite na po kami ng public scoping... naisumite na rin namin ito sa DENR Region 4, DENR national at dito po sa ating lokal noong nagkaroon po kami ng dialogue po dito sa ating lugar na bahagi ng ating Mayor... ngayon, ito pong position letter ng Pamalakaya Alyansa ay... ang tindig talaga po namin dito ay manatili, no reclamation... no demolition at manatili kami sa aming lugar. Ito po yung tindig namin. Maraming salamat po.

Emcee: Ma'am, may ibang copy po ba kayo para po... ibigay niyo po sa amin para...mayroon na... sa Central office ma'am nagbigay... piktyuran na lang po... next na po... sir, kayo po yung nagtanong kanina... ibang issue po ba ang itatanong ninyo? Sige po...

Q: May katanungan po muli ako... ako po si Mr. Anastasio Anaban bilang presidente ng Mandaragat ng Talaba Dos Public Fishing Association, ang katanungan ko lang po, total nandito na po ang EMB... doon po sa Bacoor expressway expansion... napuntahan ko po yung site na marami po, Mayor Lani, ang nareclaim, tinamaan ng reclamation ang mangrove sa Maliksi Uno... wala pong notice of cutting of the trees from the EMB environmental clearance certificate ang contractor... yun lang po ang gusto kong tanungin, kung nag-file ang contractor natin sa DENR, sa EMB sa notice of cutting of the trees, kasi mahigit isandaang pirasong mangrove ang natamaan na po ng reclamation na iyan ng DPWH... iyan lang po ang katanungan ko.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

A: Ang pagkakaalam ko po, hindi pa po nakakapag-umpisa yung project... so yun pong trees, mayroon po iyang permit from the DENR, permit to cut trees, so dapat po iyan mayroong kaukulang permiso po... so siguro, ikuwan niyo na lang po, kung saan po yung area na yun na sinasabing mayroong pagputol ng mga puno, kung sakop ba ng project na ito or sakop ng ibang project para po malaman po natin.

Q: Ito po ang... magpapadala po ako sa inyo ng picture na talagang daang piraso na ang namamatay na mangrove, na wala po silang notice of cutting the trees na nilagay doon, pinaskil sa highway. Dapat bago gumalaw, ay isa po iyang proseso sa DENR, para magtrabaho sila, humingi ng permit sa DPWH. Yun lang po ang kahilingan namin... by tomorrow po, ipapadala ko sa inyo. Maraming salamat po.

Emcee: Sir, in case na, yun nga po, yung sinabi niyo po na mayroon pong nagpuputol ng puno doon, puwede po kayong mag-file po ng formal complaint po sa office, tapos i-attach niyo po doon yung mga ebidensya niyo, yung mga pictures niyo, para po ma-review ng office kung totoo or hindi po yung mga alegasyon. Maraming salamat po.

Q: Teodora Salvador po... hindi ako direct stakeholder pero ako'y environmental planner na involved sa environmental management plan ng Manila Bay Reclamation project na yung area ay binigay ng Philippine Reclamation Authority sa Coastal Road Corporation noong nag negotiate ang national government sa UNMARA (?) at Coastal Road Corporation na mamuhunan sa Cavite na atin ngayong ilang taon nang tinatamasa ang serbisyo.

Nangako ang national government and CRC na makuha nila ang kanilang return of investment dahil tutulungan daw iinvest noong reclamation project na iyan.

March 2016 nagsubmit si CRC ng request for revalidation of ECC sa EIA... ang daming dokumento na hiningi. Pagdating ng 2018 nanghingi ng area clearance... Ang tanong ko hindi ho kaya baka may misunderstanding, kasi yun EO 149 at EO 74 patungkol sa paglilipat-lipat kung sino ang agency which is now the Office of the President on the approval of reclamation projects, that those EO's require area clearance for new projects?

It excludes projects already with agreement from PRA, even the first Manila Bay Atlas, nandoon na yung landform ng Manila Bay reclamation ni CRC... ang hindi naman siguro natin maisip na binabawi ng national government ang pangako niya sa CRC na ibinigay niya yung project na iyon kaakibat doon sa pamumuhunan ng Cavite na matagal na taon ng na-eenjoy ng population...

Emcee: Ma'am yung issue po na nire-raise niyo ay about sa Cavite?

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Q: No, ang issue is bakit na process yung ECC na ito na nauna pa yung request for revalidation ni CRC for the Manila Bay reclamation at 2018 nanghingi ng area clearance at noong pagdating nang magbabayad na lang ng area clearance hinahanapan pa ng ECC, so hindi maka-issue ng area clearance ang DENR... so hindi malaman kung ano ang uunahin.

A: Ang concern po ninyo is another regarding project?

Q: No, CRC on their rights to the Manila Bay Reclamation which in this project overlaps the project area.

A: So... kasi nga katulad ng nasabi ko kanina, dahil po cancelled po ECC yung Manila Bay Reclamation.

Q: Bago pa po sila nag-submit nag submit na ang CRC ng request for revalidation, nag-umpisa na sila na mag-uulit-ulit ng EIA.

A: Kung meron po kayong appeal I think hindi po dito yung tamang venue para pag-usapan po iyon. Ito po ay dapat na i-discuss sa DENR... between DENR and you. Okay po? Thank you...

Emcee: Reminder po ulit, tumahimik po muna tayo dahil medyo hindi na po naririnig yung mga tanong ng mga stakeholders.

Q: Good morning po lalo po sa ating mahal na mayor Lani Mercado ako po si Nikki Fajardo ang treasurer ng SAKAMA, Talaba Dos. Mayor, napakasarap pong pakinggan na ang ating lungsod ng Bacoor ay mag-uupgrade para maging asensado... meron na po tayong sinasabi ninyong Fisherman's Village... paano naman po kaming mga hindi fishermen, meron po ba kayong mga proyektong makakatulong po sa amin upang kaming mga hindi fishermen ay makasabay sa pag-upgrade ng ating lungsod? Maraming salamat po.

Lani: May ipinakita po kaming slide ito po yung Ciudad Kaunlaran sa Molino II na sa kasalukuyan po ay may tulay na tinatayo po ngayon, dinonate po yung property ng atin pong mga reclamation project partners, diyan po ay may itatayong mahigit na 3,000 units na katulad po at similar po sa itsura ng Ciudad Strike, iyan po ay pabahay din na nasa loob ng lungsod ng Bacoor. Salamat po.

Q: Mayor isa na lang po, puwede po bang... bilang katulad ko, isang nanay, puwede po bang bigyan niyo rin kami ng parang source ng kabuhayan na kahit nasa loob po kami ng aming bahay nakakadagdag po kami ng income sa aming mga asawa.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Lani: Ma'am nakita niyo po yung mga videos na ipinakita po namin, yung mga nilipat po namin sa Naic, yung mga nandiyan po sa Ciudad Strike, meron pong kaukulang proseso kung papaano po nabibigyan ng livelihood, kayo po ay nasa Bacoor, libre po ang mga livelihood seminars natin... manicure, pedicure, cookery and etc... ayon po si Ate Lita Gawaran handa po iyan, andiyan din po ang PESO, si Bob de Castro puwede ninyo pong lapitan at mag-inquire sa mga puwede po ninyong gawin sa loob ng inyong mga tahanan.

Q: Lyon po bang mga sinasabi ninyong mga livelihood ay libre po ba iyon, can afford naman po ba ng mga gustong mag-aral?

Lani: Ate Lita, baka ikaw ang puwedeng sumagot.

A: Libre po iyon, lahat po ng binababa namin, kami po ay mismong pupunta sa inyong lugar para ibaba po yung mga livelihood programs, pagkatapos po noon ay may TESDA certificate, katunayan na kayo'y miyembro at magkakaroon din po kayo ng starter kit... kung saan ay magkakaroon kayo ng hanapbuhay. Mayroon po tayong starter kit na ibibigay ng ating Mayor... bukod pa po doon meron din po tayong inooffer na TESDA scholarship programs kung saan po yung ibang miyembro ng inyong pamilya ay puwede pong makakuha ng mga scholarship program tulad ng mga welding, masonry, at kung ano pa man na ibang TESDA scholarship programs na binababa ng ating national government under TESDA.

A: Magandang umaga po sa inyong lahat... kami po ni Ma'am Lita ay nagpapartner po dito sa Bacoor para magkaroon po ng training, kami po ay naghahanap ng trabaho. Nung kami pong nasa PESO ay kinausap ni Mayor Lani kauna-unahan pong binanggit sa amin ni Mayor Lani ay kailangan magkaroon po ng disentang trabaho ang bawat Bacooreno, pero binibigyan pong diin yung mga magkakaroon po ng concern with regards to the reclamation, yung sa mga tatamaan ng magandang pagbabago na ito.

Ano po ang ginagawa? Sa lungsod po ng Bacoor, tayo po ay holistic po yung approach... yun pong mga lumilipat po doon sa mga reclamation sites na binigyan po ng mga bahay... doon sa Ciudad Strike at yun pong mga binanggit po ni Mayor Lani, ano po ang gagawin natin? Kami po ay bumababa tuwing Sabado at ang tawag po doon ay Institutionalized Alagang Ate Lani Caravan, ano po ang nangyayari sa Alagang Ate Lani Caravan? Basic services para maramdaman po ng tao sa bawat barangay ang handog na serbisyo ng ating Mayor Lani Mercado at kasama po tayo.

Ano po ang mga iyan? Meron po tayong mga registration ng LCR, yung mga senior citizens, nagkakaroon din po tayo ng mga PESO job fair iyon pong mga hindi nakakapunta dito para mag-apply ng mga trabaho, kami po ay bumababa po kada barangay. Sina Ma'am Lita, nandoon din po yung mga livelihood at iba't ibang mga paraan para tumulong, dahil ang gusto po ng ating City Mayor na si Mayor Lani ay lahat

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

may disenteng trabaho at kami po ngayon ay pupunta sa mga reclamation sites, be assured of that po at we will furnish you with the reports. Salamat po.

Emcee: Ma'am, kayo na po...

Q: Good afternoon po, ako po si Eva Litogon (?) isang MRAW (?)...tanong lang po kay Mayora... kung kami po marerelocate, makakakuha pa po ba kami ng serbisyo dito sa Bacoor? At puwede po ba kami dito na lang nakarehistro?

Lani: Kung kayo po ay taga Bacoor at sa Bacoor pa din po kayo marerelocate din ang tulong po at services ay Bacoor din ang magbibigay po sa inyo. Kung kayo naman po ay marerelocate sa Naic, kung iyon po ang kakayanan ninyo, kasi may choices naman po kayo kung in-city or out-city, kami po ay magbibigay ng ayuda sa lugar kung saan po ang pabahay ay nandoon.

Actually, meron po kaming MOA with the municipality of Naic sa mga kahilingan nila sa amin para mabigyan po kayo ng tulong. Hindi po naman... humingi po ang serbisyo natin hangga't ang IRA ninyo sa Bacoor at ang IRA ng munisipyo ng Naic ay hindi na-aadjust ayon sa dami ng tao na mayroon sila. Magkakaroon po ng ongoing census ngayong taon na ito kung sakasakali naman na kayo ay nasa Bacoor pa din ang tulong po ninyo ay manggagaling pa rin sa Bacoor.

Q: Maraming salamat po.

Emcee: Kayo na po...

Q: Good afternoon... I am Atty. Armee Corpus, I'm a resident of Las Piñas and I work at the Senate, of the law office of Sen. Cynthia Villar and at the same time I am the chief legis in charge of the Senate committee on Environment, National Resources and Climate Change... My first question is directed to EMB, doon sa procedure... Yung Bacoor Bay is part of Manila Bay, right? So it is Manila Bay... So it has always been our position na the direct stakeholders of Manila Bay are the 178 LGUs surrounding Manila Bay, kasi po hindi porke't sa Bacoor lang iyan ay wala na hong apekto iyan as far as Bulacan, because napakalaki po ng Manila Bay, it spans from Cavite tapos lahat ng city sa Metro Manila and Bulacan hanggang Pampanga... so a total of 178 LGU. And it has always been our position that all those LGU should be represented in all activities pertaining to the reclamation of Manila Bay. So having established that this Bacoor is part of Manila Bay, I would like to say that I am a direct stakeholder in this project.

Second, meron ho tayong tinatawag na Manila Bay clean up... the continuing mandamus for the cleanup of Manila Bay. It is our position that this contravenes such Supreme Court decision for the cleanup of Manila Bay... mahihirapan ho ang patuloy na paglilinis ng

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Manila Bay kung itong mga reclamation projects ay magpapatuloy, para hong nawawala yung paglilinis na ginagawa sa Manila Bay kung lahat magre-reclaim ng magre-reclaim ang bawat siyudad.

But in particular, being a resident of Las Piñas and being an advocate of the protection of the Las Piñas, Parañaque Wetland Park, I would like to say and inform everybody that it is a declared protected area by virtue of RA 11038 na naging batas noong 2018... Bilang isang protected area po na pinasa ng national government, lahat po tayo dito, lahat ng Pilipino ay mandated na protektahan 'yon. It is our position even if the consultant said na hindi maaapektuhan 'yong LPPCHEA... Naniniwala kami na malaki ang epekto nito because the reclamation area ay itatayo po doon sa buffer zone ng LPPCHEA and that buffer zone it's entitled to the same protection of a protected area.

Apart from being a protected area, 'yon pong LPPCHEA is also a wetland of national importance under the Ramsar convention or the convention on the conservation of wetlands. Ibig sabihin po, napakaimportante niya, hindi lang po sa usaping nasyunal, pero sa international. So, hindi po kami papayag na magkakaroon ng mga proyekto na direktang makakasira ng protected area. Kasi ang protected area na 'to, national ho ito and international, hindi naman ho pang-Bacoor lang. So specifically, ang nakikita ho namin, 'yong proposed reclamation, 'yong 100 hectare Diamond reclamation project and 'yong mga nasa outer land, 'yong mga 230 hectares direkta na pong makaka-apekto sa LPPCHEA.

And, EMB, I am sorry to say, but you have not informed the Protected Area Management Board of LPPCHEA regarding this hearing... kanina nagbanggit kayo ng mga, nagbanggit kayo ng mga government agencies, pero 'yong pinaka-importante, 'yong protected area management board ng LPPCHEA, hindi niyo nabigyan ng notice, it's already a separate entity from the DENR.

So, 'yun lang po... ngayon, also on the procedure, 'yung EO 74 calls on holistic approach on project reclamation, nakita ko lang sa presentation, but it's centered on the vertical development, wala hong pinakita na horizontal development... So, tingin ko, napaka-kulang ng presentation nila kasi 'yun na 'yong nire-require ngayon sa mga projects, so hilaw, hindi puwede nating sabihin na ili-limit niyo because the EO issued by the President calls for the horizontal and vertical development...

And anyway, since I am also involved in legislation, for purposes lang po para merong nagkaroon po ng national policy, for purposes of research, puwede po bang makahingi noong joint venture contract ng Bacoor with the proponent because at present po, 'yang tubig, it is co-owned by everybody... 'Pag ho ba 'yan na-reclaim sino po ang magma-may-ari nito? 'Yun po bang tittle iniisip niyo na pagsasaluhan pa rin ng lahat? Or meron na hong portion of the property? Sabi niyo nga, it is without cost to the local government, so

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

ano hong kapalit noon doon sa mga magre reclaim? How many... What is the percentage that.. will the proponent get from the project, gaano ho kalaki? And kasing laki ho ba 'yan ng MOA Complex? Yun lang po...

Atty. Carrasco: I believe the other question should be answered by EMB, but pagdating po sa EO 74, hindi po under ang project na ito ng EO 74 madam... kasi po may provision po ang order na 'yun na kapag may previous agreements na po, hindi na po siya magiging applicable... So nauna po 'yong joint venture agreement namin kaysa sa issuance ng Presidente Duterte ng bagong order na 'yon... Pagdating naman po sa joint venture agreement, 'yung kopya, puwede po siguro kayo mag-request formally, kung ano po ang nire-represent ninyo, requesting for the copy... Yun lang po, ano pa ba 'yung kailangan naming sagutin?

Q: 'Yung question mo di ba, 'yung sabi mo it is not subject, that is yet to be determined, kasi nga we don't have a copy of that joint venture.

A: Dinetermine na po ng PRA, PRA po kasi ang magde-determine noon, hindi po yung office yata ninyo...

Q: Ay hindi naman... That's why we're asking, siguro at a competent authority to determine that will be the DOJ or the Office of the President, kasi not necessarily the PRA because that would be self-serving also.

A: Date lang naman po ng JVA (?) 'yong pinag-uusapan, date ng issuance noong order at saka date po ng JVA...

Q: At any rate, okay lang ho ba na masabi niyo kung ano ang hatian na mangyayari doon sa lupa?

A: Opo... 60-40... that will be subject to final approval of PRA.

Q: 60, who gets the 60?

A: Siyempre po ang private sector proponent...

Q: Okay... so that is very more than what the city would get or the people will get.

A: 40 po ang ang makukuha ng city, even without financial equity involved.

Q: Kanina po nagpakita rin po kayo ng mga housing projects, ibig niyo ho bang sabihin, may mga housing projects din na itatayo doon mismo sa reclamation or they would be displaced in some other remote areas?

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

A: Hindi po, dito lang po sa loob ng city of Bacoor, ang Ciudad Kaunlaran po ay sa Molino Dos, malayo sa dagat, malayo sa danger zone, ligtas po sila sa baha, at ligtas din po sila dahil magkakaroon na po sila ng security of tenure sa kanilang paninirahan... Wala na pong magkakapagpalayas sa kanila sa kung saan sila nandoon ngayon.

Q: Puwede itanong also, who determines kung onerous or disadvantageous yung contract... puwede ho bang magtanong kung... kasi napapanahon ho yung usapin, dahil sa naging problema natin sa Maynilad, puwede pong magtanong kung who would determine if the contract that the city has entered into is advantageous or disadvantageous to the government, 'yong pagka-onerous, na hindi ho lugi ang gobyerno, pati na rin ho ang taong bayan?

A: I believe PRA po 'yan, may proseso naman po ang PRA diyan... may hina-hire din po silang independent consultancy firms kagaya po ng Planades (?), may MOA po with Planades na siya pong mag-aaral ng mga kontratang involved bago po ito i-approve ng PRA.

Q: Thank you, pero very last... I just want to reiterate, that we have strong objections to the 100 hectare Diamond Reclamation Development Project and the 230 hectare Bacoor Reclamation Project because it will adversely affect the integrity of the Las Piñas-Parañaque Critical Habitat and Eco-tourism Area, which is protected area and a wetland of international importance. Thank you very much.

A: Noted po 'yan, maski naman po si Mayor Lani ay pinoprotektahan din po 'yong locally protected... hindi po international, Bacor lang po... 40-hectare mangroves reserves ng ating City of Bacoor. Kaya pagagandahin pa po 'yong mangroves na 'yon sa kabila po ng reclamation.

Q: Sana lang po sa pagpapaganda niyo ng reclamation, talaga hong hindi masisira ang integrity ng LPPCHEA because the initial studies show na meron hong epekto.

A: Marami naman pong government agency na mag-aaral niyan bago po kami makapag-proceed.

Lani: Para sa information po ng representative ni Sen. Cynthia Villar, we have Las Piñas and Parañaque residents now residing in Ciudad Strike. There are around 1,000-plus families na nakikinabang po sa lupain ng lungsod ng Bacoor, tinanggap po namin sila nang buong-buo dahil mahal po namin ang taga-Las Piñas, dahil kapitbahay po namin sila... Salamat po Atty., Thank you po, God bless.

Emcee: Maraming salamat po...

Q: Magandang araw po, ako po si Flory (?) Arevalo mula sa Nagkakaisang Samahan ng Mamamayan sa Kabulusan Maliksi Uno... alam po namin na ito'y pinatawag sa ECC certification, di ba po ba, kaya lang, ang sa amin po kasi, 'yong lugar naming sa Kabulusan kasi simula noong December, inuumpisahan na po 'yong pagtatambak sa mga gilid ng palaisdaan at paglalagay ng mga bakal sa pagitan ng looban namin... ngayon, hindi po naming alam kung ano ang magiging kahihinatnan namin sa mga darating na araw at buwan ngayong taon na 'to... hindi pa po napapatupad 'yong rehabilitation at reclamation, pero kami pong mga mamamayan na malapit na naninirahan sa tabing dagat ay nasa kaharapan na po ng isang malaking problema at pangangamba dahil wala pong nagsasabi amin kung anong gagawing development project doon sa lugar namin, at wala rin pong nagpapatawag sa amin para kausapin po kami.

Atty. Carrasco: Hello po, yes... ang Kabulusan, na inyo pong association po ng mga informal settlers diyan, kayo po 'yong aming primary beneficiary sa Rancho Verde Phase 1. Kaya yun pong mga inuna po namin yung mga nasunugan sa Maliksi, tapos susunod na po yung Kabulusan at saka Sampalukan... kaya nakaplano na po ang, nakita niyo kanina, magandang bahay sa Rancho Verde, kasama na po doon ang mga nasa easement ng Kabulusan.

Yung binabanggit ko po na may nag-umpisa nang nagtambak na mga fishpond sa Taling-Dagat, hindi po 'yun bahagi ng proyektong ito, private sector po na hindi kumuha ng permit kaya pinatigil po ni Mayor Lani 'yung pagtambak na 'yon... Agad-agad pong pinatigil 'yon noong nalaman po natin na may nagtatambak...

Q: kasi ang banggit po sa amin ng mga nagko-contractor doon ay 'yun pong magiging diversion road...

A: Ay iba po 'yan, hindi po 'yan sa amin, 'yong diversion road po ay DPWH project...

Q: Tapos ang isang siguro lang po, ewan ko lang po kung pagko-correct, kasi ang pagkakaalam ko po 'pag sinabing informal settler, hindi ba po sila 'yong mga nakalutang sa ilog, kami po ay wala sa ilog, kami po ay nasa private na pag-aari po ng isang pribadong tao kaya lang ang inaano po namin, hindi po ba puwede na kung magkaroon kayo ng magandang proyekto para sa mga taga-Bacoor, sana po ay kaming mga mamamayan na lehitimong naninirahan dito ay manatili sana sa aming lugar na kinalalagyan o isasaayos lang po naman ang aming panirahan para po ang magagandang proposal project niyo ay kasama kami sa makikinabang, kasi kung ililipat niyo kami sa Naic, hindi na po namin mapakikinabangan 'yong mga proyekto na gusto niyo pong pagpapa-unlad sa Bacoor...

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

A: Tama po 'yan. 'Yan po talaga ang dahilan kung bakit po ang puso po ng ating mayor ay in-city resettlement, 'yan po ay ni-require po ni Mayor Lani ang private sector partner natin sa reclamation to become part of in-city resettlement program... na pondohan niyo ang paglilipatan ng mga mare-relocate, hindi sa labas ng Bacoor kundi sa loob ng Bacoor.

Q: Salamat po, panghahawakan po namin 'yan...

A: Opo, opo... Ciudad Kaunlaran po ang tawag... sa likod po ng Kaunlaran Village ginagawa po 'yong tulay from Kaunlaran Avenue tatawid po kayo, yun po yung napakagandang lupa po doon...

Q: Salamat po.

Q: Magandang araw po sa lahat, especially to our beloved mayor Lani Mercado-Revilla ako po si Cherrylyn Espiritu, presidente ng LMRW Kaingin Chapter... nais lang po naming ihapag ang aming saloobin tungkol sa proyekto na ito, kami po ang League of Modern and Responsible Women -- binubuo po kami ng mga kababaihan na naninirahan sa tabing dagat ng lungsod ng Bacoor. Bilang mga nanay, nais din po naming ipaalam sa lahat na hindi madali ang tumira sa tabing dagat, madami din po sa amin ang walang permanenteng trabaho, may mga umaasa sa dagat at patuloy na nangingisda, wala kaming anumang pinanghahawakan katibayan ng pagmamay-ari sa aming mga bahay... kaya po nang malaman namin na kami ay paaalisin o mas tamang sabihin na inilipat ng tirahan, kami po ay natakot, dahil hindi naming alam kung saan kami pupunta o mas tamang sabihing wala po kaming mapupuntahan...

Pero sa nakita po namin na patunay na may mga pamilyang nai-relocate, kami po ay nabuhayan ng pag-asa, nais ko lang pong bigyang-diin na kahit pa tinaggap na naming ang aming kalagayan sa tabing dagat, kami po ay nangangarap din, sa mga nagpatunay po na mga nai-relocate na at sa mga sinabi po ng opisyal ng lungsod ng Bacoor na kami ay hindi maiiwan at may mga lugar po para sa min, kami po ay lubos na natutuwa.

Punung-puno po kami ng pag-asa na hindi kami pababayaan, bagkus ay patuloy na gagabayan ng aming lokal na pamahalaan ng Bacoor saan man kami mailipat na reloasyon, lubos din po kaming nagagalak na mayroon po palang pabahay para sa mga kababayan naming mangingisda at may lugar na pagpaparadahan ng kanilang mga bangka, kaisa po ng lokal na pamahalaan ng Bacoor ang League of Modern and Responsible Women sa paghahangad ng pagbabago at kaunlaran ng ating lungsod, we love our Bacoor, thank you.

Emcee: Noted po Ma'am. Sir?

**PROPOSED BACoor RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

A: Magandang hapon po sa lahat, sa mga nanunugkulan po sa ating lungsod ng Bacoor, nagpunta po ako, ako po kinatawan dito ng Sea-Farm-Sea po ng buong Bacoor sa ngayon po... remind ko lang po doon sa aking mga kasama, siya nga pala ako nga po 'yong... Rudy... (?), so pinalala ko lang po 'yong aming mga layunin po ng mga tungkol dito sa reclamation na ito, ang pag-uusap po ng mga mangingisda po at 'yong reclamation at kung ano po ang benepisyo na dapat ibigay po sa mangingisda ay napag-usapan po, yun po 'yung sinasabi sa amin na pinarating po naming lahat 'yon, bawat chairman po ng sampung barangay dito po sa Bacoor, pinangako po nila sa amin na lahat ng mga mangingisda ay bibigyan po ng pabahay, 'yong lehitimo po, 'yon po 'yon at pinaalala ko lang po at ito'y pinangako at alam namin tutuparin po ito.

Yun pong Aliman, doon po ang talagang mga mangingisda po ilalagay, tapos po, sa kaalaman din po ng iba ang nagiging problema sabi po nila ay 'yong mga pag-aanuhan ng bangka, meron pong ginawa na daungan ng mga bangka dito naman po sa may Sineguelasan... so doon po at magkakaroon po ng pagbabago roon, 'yong sinasabi naman na 'yong lilisanin, aalis, hindi po... lahat po ng mga mandaragat na aming nakarehistro sa city government dito po sa Bacoor, titiyakin po namin na lahat na yun po ay magkakaroon po lahat ng pabahay... sinabi po sa amin ng city government, ng city agriculture at naniniwala po kami na matutupad po ang mga pag-uusap dito.

Kung meron pong ibang mga mangingisda na hindi po makakahanap ng ibang proyekto puwede rin pong makipag-usap sa amin para hindi po lahat medyo parang nalilito, nasa inyo po ang pag-uusap... at huwag po kayong mag-alala, yun pong pabahay at saka po iyong titirahan at 'yong natitirang dagat na puwede pang pagdausan ng mga tahungan ay meron pa rin po, salamat po.

Emcee: May mga katanungan pa ho ba? Sa likod po, sa taas, wala na po?

Q: Magandang umaga po sa lahat lalong lalo na po sa aming mayor na maganda at sa kanyang mga konsehales, mga guwapo at sa mga kapitanas po nandito... ako po ay taga-Barangay Digman po, ang akin lang pong katanungan at malapit na pong malugmok ang bahay ko, hanggang kailan po kami at anong taon po kaming puwedeng makalipat po doon sa tahanan po na ipagkakaloob po ng atin pong gobyerno... at pangalawa po, magbabayad pa po ba kami ng pagpapakabit ng tubig po o kuryente po doon? Yun lamang po ang aming katanungan at maraming salamat po sa kasagutan.

A: Taga saan po sila?

Q: Taga-Barangay Digman po...

A: Ganito po... phase by phase po ito, ang paglilipat po ng mga pabahay na sinasabi po ninyo, dahil kung ano po 'yong available homes, kung alin po yong... ang pinag-uusapan

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

po naming ay hindi reclamation ha, ang pinag-uusapan ko po ay 'yong Bacoor diversion road.

Q: Ay gano'n po ba? Akala ko lilipat na kami.

A: Hindi pa ho reclamation, kasi hindi pa ho aprubado, wala po tayong ECC, nasa proseso pa lang po tayo ng public hearing...

Q: Puwede pa po kami magpaayos ng bahay?

A: Kapitan...

Q: Sige po... maraming salamat po...

A: Magagalit po ang DENR po sa amin dahil meron po tayong Manila Bay mandamus na kailangan po ang mga pabahay ay wala sa dagat, kundi kailangan maging malinis ang dagat kundi idedemanda ang naninirahan pati na ang kapitan, pati na po ang alkalde puwede pong matanggal sa posisyon kapag po tayo ay hindi sumunod sa Supreme Court order mandamus po ng Manila Bay, salamat po.

Q: Malinaw po sa atin lahat ha?

Emcee: May tanong po?

Q: Magandang umaga po mayor, sa lahat ng city officials ako po si Rey Palabrica, pangulo ng Liga ng mga Barangay, at nais po naming ipaalam sa buong lungsod ng Bacoor na kahapon ay nagpasa kami ng isang resolusyon sa regular naming pagpupulong na nagpapahayag ng suporta sa reklamasyon ng Bacoor at kung papahintulutan po ay babasahin ko po...

LNB Resolution number 1 series of 2020, resolution expressing support to the proposal of the reclamation project in the city of Bacoor... whereas, the city of Bacoor has limited land for its rapid growing population which is detrimental for its economic growth... whereas, the city of Bacoor has limited land for expansion of commercial development necessary to create more jobs and business opportunities for the locals... whereas, commercial development in the city to boost economy of its constituency and the local government... whereas, the city government of Bacoor and its private partner in the proposed reclamation project has a concrete plan for all informal settlers families may be affected like decent housing, has relocation sites within the City and being priority for employment and all job opportunities which will be created by the project.

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Whereas, the reclamation project will also serve as protection against tidal waves that erodes the shoreline of the city and protection against the release of tsunami that may endanger lives and properties of the residents presently living near the shoreline...

Whereas, the City Government of Bacor and the private partner has a complete flood control plan in the proposed reclamation project...

Now therefore resolved and is hereby resolved upon the motion of Punong Barangay Raul Enriquez Jr. and unanimously approved by all the member of present that a resolution be passed expressing support to the proposed reclamation project of the City of Bacor which will be beneficial to the people of Bacor and the local government. Attested by the secretary Punong Barangay Nolasco and approved by the president, Ray Palabrica.

Q: Good morning po mayora... ako si Karen Makapinig may tatanong lang po ako tungkol sa lugar namin kung may alam ka ba, bakit dinemolish yung Niog 1 at ang Talaba 7?

A: Ma'am saan po yung lugar niyo?

Q: Opo... inano na po kami doon yung binabako yung Niog 1, yung bandang sa street ng Gawaran, puwede naman po ang ibang bahay doon... ang tanong ko lang po, kung may alam po kayo? Hindi naman po masama yung tanong ko?

A: Kayo yung sa may nasunugan?

Q: Street po kami yung Silangan at saka yung nasunugan, kami doon ang... yung dito sa may Niog 1 sa street nung Gawaran doon yung binabakuran yung mga bahay doon.

A: Kayo po ba yung sa lupa ni Dra. San Diego?

Q: Opo.

A: Yun po?

Q: Opo...

A: Pribado pong usapan iyan... yun pong may-ari po ng lupa, ang kausap po ninyo... hindi po kami...wala po iyang kinalaman sa reclamation...

Q: Ang akin lang po ma'am... kasi dinemolish kami, nagtaka yung mga pulis na pumupunta doon, bakit ang bahay doon nasira na...

A: Ate, walang naganap na demolition diyan, sunog lang...

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER
ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Q: Inano po, binakuran kami doon...

A: Yung nasunog?

Q: Hindi po... yung kami din doon sa...

A: Sige po... magbigay po kayo ng complaint para maimbestigahan namin. Isulat niyo po yung complaint na may illegal demolition, ipasa niyo po sa amin para po kami ay makapag-imbestiga. So okay na po?

Q: Opo.

Emcee: Wala na po bang magtatanong na iba? Ay meron pa, si nanay...

Q: Ako po si Delia Escorido, sa Talaba 2...ako po ay nagpapasalamat dahil maganda itong pinag-uusapan po natin ay tungkol sa progreso ng Bacoor at although proposed pa lang iyon or matupad man ay talagang maganda, pero ang tanong ko po, sana napasama sa plano yung ipinangangamba ng lahat, yung kumbaga, yung security ng ating mga taga Bacoor na pagkakahanda sa mga calamity katulad ng bagyo o ng tsunami dahil ang pinag-uusapan po natin ay tabing-dagat. Napag-aralan po ba iyan? Iyon lang po salamat po.

Emcee: Sino po yung sasagot?

A: Ang tanong po ni nanay ay napag-aralan ba yun... opo, napag-aralan po ito ng mabuting mabuti ng ating... nandito po si... yung BDRRMO, mayroon na po tayong... halika, lapit ka... siya po ang ating BDRRMO officer, handang-handa po ang ating disaster risk management office tungkol po sa disaster sa tabing dagat.

A: Yun pong mga tinutukoy po nating posible, yun po ba, na mangyayari po sa tabing dagat? Tama po ba?

Q: Isa na po yung pagbaha, or yung posibleng mangyaring calamity kung may bagyo or whatever na... tsunami... lindol na magko-cause ng tsunami... kasi napansin ko po kanina yung picture na gagawing park para pasyalan, parang hagdanan lang, tapos dagat na... parang walang barriers, kailangang mayroon tayong ano... yun ay ano lang... parang hindi maganda yung ganoong proposal na parang hagdanan lang tapos dagat na kaagad... dapat may...

A: Opo, naiintindihan ko na po yung tanong niyo... yun pong tinutukoy po ninyo, hindi naman po yun basta dinisenyo lang... dumaan po sa pag-aaral. So yun pong design na pinakita po kanina sa inyo ay mahabang panahon po ang ginugol sa pag-aaral para po

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

umangkop sa ganoong disenyo. Yun pong mga tinutukoy nating posibleng mangyari, kinonsider po yun, kaya po ang tanong ninyo kung napaghandaan, pinaghandaan po... pinag-aralan po ito...

Q: Sana nga po. Salamat po...

Emcee: Wala na po bang ibang magtatanong? Last question... so okay, to recap... may last questions...

Q: Magandang tanghali po... ako po ay si Celia Armingo (?), residente po ng Barangay Aliman... itatanong ko lang po kung hanggang kailan kami doon sa... kasi isa kami sa mga mahahagip ng project... at saka po yung pabahay po sa... yun pong ano... itatanong ko lang po kung hanggang kailan kami doon sa tabing-dagat, kasi nga ang usap-usapan po ay 2020, washout na daw po kami doon... so bago po mangyari yun, gusto naming maihanda para hindi kami magulat. So doon po sa pabahay sa Naic po, kung may bakante pa po, open ba kaming mag-apply doon sa pabahay at kung ano po ang requirements... yun lang po.

Emcee: Salamat po...

A: Ma'am, siguro po, pagkatapos po ng public hearing puwede po bang makipag-usap sa kanila po para malaman niyo po kung ano po yung mga requirements na isa-submit... punta na lang po kayo sa housing department...

Yun po sa tanong kanina, kung pinag-aralan yung tsunami prone yung reclamation islands, magpapaliwanag po si Engineer diyan...

A: Sa katanungan po tungkol sa tsunami, baka po ang mas concern po ay yung daluyong or storm surge... ang sagot po ay dalawa... una, pinag-aralan po ng husto... pangalawa, ang reclamation po ay poprotekta sa lungsod ng Bacoor kung sakaling magkakaroon po ng storm surge... yun lang po.

Emcee: Wala na pong magtatanong? Wala na talaga?

Q: Ayun po... magandang tanghali po sa ating lahat... ako po si Michelle Togueno mula sa Talaba Dos, isang estudyante po... ang tanong ko po, mula sa pag-iisip ko noong bata pa ako... kasi po noon, may mga meeting po tungkol sa pagpapalipat ng mga tao or pagpapaalis kung nasaan sila nakatira... ang paliwanag po sa amin noon is... ang basong may tubig, kapag nilagyan mo ng bato, aapaw yung tubig... bakit po ngayon naghihintay po tayo ng pag-apruba sa reklamasyon kung ang problema po natin is yung pagbaha at yung mga basura po dito sa lugar natin?

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

Atty. Carrasco: Okay... yun analogy mo kasi, baso ng tubig... Yung baso ng tubig, sarado yun, pag naglagay ka ng bato, aangat hindi ba? Yung dagat, bukas... kapag naglagay ka ng malaking-malaking bato or island, ang tubig papunta sa dagat... aangat yun pero papunta sa... uulong lang naman yung dagat... So hindi po tama yung analogy.

Q: Sige po... pero bakit po hindi po natin... hindi po tayo mag-focus ngayon sa mga daluyan ng tubig? Bakit po hindi yun ang nagiging highlight?

A: Actually, iyan yung mga pinaliwanag kanina... kaya matiyaga po naming prinisient yung mga engineering studies tungkol sa flooding... kasi talagang pinag-aralan iyan lahat... so kasama na doon yung kaya ganoon yung itsura noon, may mga kanal, kasi kinonsider yung flow of water. May mga tinatawag ang engineering companies na simulation... halimbawa, yung Dutch company na hinire para pag-aralan yung pagtaas ng tubig, ginamit niya yung parameters sa pinakamalakas na bagyo na nangyari sa atin noon 2011. Kunwari nandiyan na yung mga islands, tapos bumagyo ng ganoong kalakas... anong hitsura ng tubig... so mayroon silang tinatawag na program or software na magpapakita sa inyo ng mga mangyayari kung ganun na yung bagong hitsura ng lupa.

So ang nakita nila sa study, ay nagkaroon ng improvement kasi hindi papasok sa ating bayan ang tubig dahil four meters ang taas ng mga island... so yung tinatawag na danger at storm surge, hindi mangyayari sa loob ng Bacoor kasi haharangan siya ng mga islands, dahil ganoon siya kataan. Yun ang magandang epekto noon... aside from may JICA study, yung Japan, yung gobyerno ng Japan, tumutulong sa ating gobyerno, sa DPWH, pinag-aaralan yung ating pagbaha. So yung JICA study, mayroon na tayong tinatawag na river catchment basin doon sa Imus, sa Buhay na Tubig... may napapansin kayong malaking-malaking hukay, kasi po ang Bacoor, kaya bumabaha, nanggagaling ang tubig sa upland... yung mga ilog natin napupuno dahil sa mga tubig na nanggagaling sa mga matataas na bayan... Tagaytay, Silang, Dasmarias. Kaya yung tubig sa itaas, iipunin muna yun sa hukay na yun, hindi agad pupunta sa ating lahat... kaya hindi na magpa-flash floods sa Bacoor na kasing tindi ng nagaganap noong araw.

So yun ay itatapon nila sa malalaking ilog kagaya ng Imus River at lalakihan pa nila yung mga ilog na mayroon tayo ngayon, malaking-malaki, palalaparin, palalalimin at palalawakin yung mga ilog natin para kapag dumaloy ang tubig ay hindi babahain ang taong bayan. So napaka-komprehensibo po ng pag-aaral na ginagawa sa pagbaha sa Bacoor para solusyunan ito, hindi lamang nang reclamation, kundi pati na rin ang DPWH at iba pang ahensya ng gobyerno.

Q: Mayroon na lang po akong isang concern, kasi po yung modernisasyon na mangyayari ngayon is para sa kinabukasan naman po natin lahat, lalo na po ng mga kabataan... hinihiling ko lang po na sana magkaroon po tayo ng mga programa para sa mga kabataan

**PROPOSED BACOR RECLAMATION AND DEVELOPMENT PROJECT (230-HECTARE OUTER ISLAND AND 90-HECTARE ISLAND)
PUBLIC HEARING REPORT**

para mas maging engaged sila sa kapaligiran nila, sa mga basura... para hindi nagbabaha sa mga kanal natin... at saka para po maging maayos ang lahat.

A: Tama po, napakaganda pong suggestion... lahat po tayo, hindi lang kabataan ay dapat mag-engage, mag-segregate na po ng basura at source, kasi napakarami pong basura... hirap na hirap na po ang mga... iyan po, si Ate Juday, yung DENR, ay napakarami pong puyat ang nangyayari sa kanila dahil sa mga issue ng basura na iyan. Lahat po tayo ay concern sa issue ng basura, iyan po ay obligasyon nating lahat, hindi lang po ng city government dahil lahat po tayo ay nag-i-generate ng basura... sa batas, ang may obligasyon na linisin ang basura or kahit mga spills, kung sino ang gumawa ng basura, siya ang may obligasyon... kaya tayo ay may obligasyon din doon sa usapin ng basura.

Emcee: Wala na pong magtatanong? Last question po...

Q: Ito po ay hindi tanong... ito po ay isang pasasalamat dahil po ginawa ang Cavitex, hindi po kami nakarinig ng public hearing... ngayon po may project na ginagawa, nagpapasalamat po kami, kaming mga tagarito sa Bacoor dahil po pinatawag ng aming munisipyo lalo na po sa aming mayora, dahil pinaliwanag niya po sa amin kung ano po ba ang reclamation na iyan, ano po ba yung project na iyan... hindi po yung magugulat na lang kami isang araw wala na po kaming bahay... isa-isa po kaming tinatanggal at wala pong alam kung saan kami lilipat... ngunit ngayon po, iniisa-isa niyo po pinaliwanag, siguro naman po nakinig kayong lahat sa mga tanong, sa mga sagot, siguro naman po naliwanagan kayo. Marami pong salamat sa pagkakataong ito, pinagsama-sama niyo po kami, lalo na po ako at ang pamilya ko po, nagpapasalamat po ako kung ako ba ay isa sa mabibiyayaan ng inyong pabahay dahil alam ko po ang pamilya ko ay hindi na mapupunta danger zone. Kaya maraming-maraming salamat po sa pamunuan ng aming mahal na Bacoor, ng ating mayora at sa lahat po ng mga nandito sa ating harapan... sa mga nakinig, maraming-maraming salamat po.

Emcee: Wala na po tayong tanong, maraming salamat sa lahat ng nagtanong at sa nagpahayag ng kanilang saloobin tungkol sa proyektong ito. On the part of EMB, we will now recap all the issues that were discussed during our open forum...

Ang maraming katanungan ay kung kailan ma-aapprove ang ECC, kailan magsisimula at kung kailan matatapos itong gagawing reclamation project ng Bacoor, mayroon ding mga katanungan in connection to the Cavitex, kung maapektuhan ba ang ating mga fishermen na nasa tabing-dagat because of the reclamation project, kung sila ba ay mareresettle, which has been properly addressed by the local government... issues as regards the LPPACHEA, the issue that vertical development was not discussed... Rest assured ma'am your issues duly noted by the EMB and will be assessed by the EIA.

ANNEX G.

VIDEO CLIPPINGS IN USB